Mga Aklat sa Transpersonal Psychology Series

Kay TONY PEREZ:

The Calling:
A Transpersonal Adventure
(1996)
Mga Panibagong Kulam
(1996)
Mga Panibagong Tawas
(1997)
A Young Man Cries for Justice
Beyond His Grave:
Compilations on the Ens. Phillip Azarcon Pestaño Case
Volume I
(1998)
Beings:
Encounters of the Spirit Questors
with Non-human Entities
(1999)
The Departed:
Encounters of the Spirit Questors
with Spirits of the Deceased
(1999)
Mga Panibagong Orasyon
(2000)
Mga Panibagong Orasyon
sa Magica Cantada
(2000)
Mga Panibagong Ritwal
ng Wicca:
Tampok ang mga Ritwal
ng Samahang Luna y Sol
(2000)

Kay RUEL S. DE VERA:

The Spirit Quest Chronicles 1
(1997)
The Spirit Quest Chronicles 2
(1998)

FILIPINO TRANSPERSONAL PSYCHOLOGY

Mga Panibagong Orasyon sa Magica Cantada

Tony Perez

Cecille Legazpi
Editor

ANVIL
MANILA

Mga Panibagong Orasyon sa Magica Cantada
Tony Perez

Karapatang-ari © CHITO I. MIRANDA, 2000

Reserbado ang lahat ng karapatan,
kasama na ang karapatan sa reproduksiyon
at paggamit sa anumang anyo at paraan
maliban kung may nakasulat na pahintulot
mula sa may-hawak ng karapatang-ari
at ng tagapaglathala.

Inilathala at ipinamamahagi ng
ANVIL PUBLISHING, INC.
2/F Team Pacific Bldg.
14 P. Antonio St., Barrio Ugong
Pasig City 1604 Philippines
Telepono: 671.1899, 671.1308 (sales/ marketing)
Fax: 671.9235
EMail: pubdept@anvil.com.ph

Disenyo ng aklat: ANI V. HABÚLAN

Dibuho sa pabalat: Albert Gamos

ISBN 971-27-0964-7 (np)

Inilimbag sa Pilipinas ng
GEBA Printing Co.

Pasakalye

Ang orasyon ay isang uri ng magica na ginagamitan ng **pagsasatinig sa isang panalangin o sa isang kahilingan.**

May limang antas ng pagsasatinig sa kawawaan ng magica. Alamin natin kung anu-ano ang mga ito at ang iba't ibang halimbawa ng kanikanilang mga orasyon.

Mga Awit at Larong Pambata

Ang mga awit at larong pambata ay ang unang pagpapakilala sa atin sa pagbigkas at paggamit ng orasyon, sa pagsasagawa ng ritwal, at sa pagpapairal sa magica. Gayumpaman, ang mga ito ay mananatili sa pinakamababang antas ng pagsasatinig lamang, sa dahilang ang mga ngalan, salita at pariralang ginagamit ng mga ito ay walang tinataglay na tunay na kapangyarihan.

Halimbawa, sa pamamagitan ng pariralang, *"Pasa puwera balik"*, naiaatang sa iba ang isang prenda nang may katiyakan na di ito bubuwelta, o magbabalik sa pinanggalingan.

Ilan pang mga halimbawa:

Ang pagbigkas ng pariralang *"Ang mahuli, kulelat"* ay naniniguro di lamang ng panlalamang kundi ng pagkatalo at pagkamalas ng "kalaban".

Ang pag-awit naman sa mga pantig na *"Sa-gidi-sa-gidi-sa-po-po"* ay maituturing na pag-awit sa isang ritual chant, o canto, ng isang coven, o samahan ng mga mangkukulam. Napalalakas at napaiibayo ng isang canto ang puwersa o ang bisa ng isa o ng higit sa isang mangkukulam sa pagsasagawa ng magica. Masasabi ring isang anyo ito ng sympathetic magic, o magica batay sa mga pagkakatulad, dahil sa sinasaliwan nitong mga kilos at galaw.

Sa mga salitang *"Indiyan pana, kakana-kana; Tatlong betlog, kakalug-kalog"*, mapapakinggang maigi ang layuning laitin, o bawasan ng sigasig, ang "mga kalaban".

Gayundin sa mga taludtod na

Isa, dalawa, tatlo
Ang tatay mong kalbo.

Apat, lima, anim
Nagtago sa dilim.

Pito, walo, siyam
Kinagat ng langgam.

Sampu, sampu
Aray ko po.[1]

ay mapapakinggan ang layuning bawasan ng sigasig ang lalaking nangangalunya o supling ng pangangalunya.

Ang sumusunod na halimbawa,

Pen, pen, de sarapen
De kutsilyo, de almasen
Haw, haw de carabao
Batuten.

Sipit namimilipit
Gintong pilak namumulaklak
Sa tabi ng dagat.

Sayang pula, tatlong pera
Sayang puti, tatlong salapi
Bum, kalabum, tingga, luga.[2]

ay masasabi ring orasyon pagkat ito ay mayroong hinihiling—ang pagiging sagana.

[1] at [2]Pasasalamat kay Elnora L. Conti, resource specialist ng Thomas Jefferson Information Center, Public Affairs Section, Embassy of the U.S.A.

Sa ikalawang antas, nariyan ang karaniwang pagsambit sa mga kahilingan, na bagamat walang angkop na mga ritwal ay maituturing din na panalangin.

Isang halimbawa ay ang mga pariralang "*Purihin ang Panginoon*" at ang "*Salamat sa Diyos*".

Nariyan din ang mga pariralang "*Mag-ingat ka*" (na ihinahabilin sa isang taong nagpapaalam), ang "*Pagaling ka agad*" (na ihinahabilin sa isang taong may sakit), ang "*Madapa ka sana*" (sa isang taong kinaiinisan) at ang "*Mamatay ka na sana*" (sa isang taong kinamumuhian). Ang mga pagsambit na ganito ay pawang tungo sa mabuti o masamang kapakanan ng sarili o ng iba.

Bilang iba pang halimbawa, nariyan din ang pariralang Ingles na "*Good luck*", na tungo sa ikatatagumpay ng isang tao, at ang pariralang "*More power to you*", na tungo sa pagiging higit na makapangyarihan ng isang tao.

At nariyan ang pariralang "*Mandalo ka sana*" o ang pariralang "*Mandalo sana ako*", sa pustahan man o sa paligsahan, na tungo sa pagyaman ng ibang tao o ng sarili.

Huwag ding kaliligtaan:

Mayroong mga pagsambit na nauukol sa pag-ibig. Makaaalaala ka ba ng ilan sa mga iyan?

Mga Orasyon para sa mga Anting-anting at Mga Orasyon ng mga Katutubong Manggagamot

Magtungo naman tayo sa ikatlong antas ng pagsasatinig, na kinabibilangan ng mga orasyon para sa mga anting-anting at ng mga orasyong ginagamit ng mga katutubong manggagamot.

Nasubukan mo na bang bumili ng anting-anting—sa labas ng basilika sa Quiapo, halimbawa?

Kapag ikaw ay bumili ng anting-anting, ang isa sa mga itatanong sa iyo ng nagtitinda ay kung ibig mo ring bilhin, sa karagdagang halaga, ang isang kopya ng orasyon na siyang gagamiting kaugnay ng anting-anting na yaon.

Subalit di lahat ng orasyon ay nauugnay sa anting-anting. Mayroon ding mga orasyon na binibigkas ng mga katutubong manggagamot bilang bahagi ng kanilang panggagamot. Lamang, bagkus na masabing Filipino, o sariling atin, ang mga orasyong ito, di ito matatanto nang walang kaukulang paliwanag ng nakaaalam hindi lamang tungkol sa wika at kahulugan ng mga titik sa orasyon kundi pati sa karunungang elemental at low magic, o magica baja.

Bukod diyan, sa hangad ng mga sinaunang mistikong Pilipino na huwag mapasakamay sa madla ang mga lihim ng kanilang kapangyarihan, sadya nilang itinago, inilihim o ibinalatkayo ang anyo at pagkakabaybay sa kanilang mga orasyon. Karamihan sa mga mistikong ito, kung hindi lahat sila, ay di nagtapos sa pamantasan; ni hindi sila tumuntong sa paaralan pagkat ang edukasyong pinili nila ay yaong mula sa kalikasan. Dahil dito, ang orihinal na mga wikang Latin at Espanyol sa mga orasyong ipinasa sa kanila ng mga banyagang mago noong unang panahon ay nagpabagu-bago ng anyo sa kanilang paggamit at sa pagdaan ng mga salinlahi. Ang kinalabasan tuloy ay "pidgin Latin", o Latin-Latinan, at "pidgin Spanish", o Espanyol-Espanyolan, kung kayat ang mga orasyong ganito ay itinuturing ngayon na "Chavacano ng mga orasyong Filipino".

Narito ang ilang halimbawa ng matatandang orasyongFPilipino. Mula sa *Aklat ng Panggagamot* (walang pangalan ng may-akda, walang taon ng pagkakalimbag):

Para tumahimik at hindi maminsala ang maysakit–[3]

JUTULIM PASEGASE
BEGATAS MAPAS
IMAS ENTE
RETIRUM

Mula sa *Misterio Principal: Secreto de Solo Ojo* (walang pangalan ng may-akda, walang taon ng pagkakalimbag):

[3]Ang maysakit sa sitwasyong ito ay taong sinaniban ng masamang espiritu.

Para sa bagyo–[4]

ABIUV SABIUV
JUDAY JEJU

Mula sa *Mga Lihim na Pangalan at Lihim na Karunungan* (Sabino, walang taon ng pagkakalimbag):

Ukol sa mga namamatanda, natitiyanak, natitikbalang, naeengkanto, o napaglalaruan ng duwende, kapre at iba pa–

ESMERELL BERNABAUM
TUNIC MANUMBAUM

MACMAMTAM MAEMPOMAEM
MAUMPUMAIL MALAMUROC
MUAM

At mula pa rin kay Sabino:

Ukol sa kapangyarihan–

EGOSUM OBRE
DEUM PATER GENTILE
IN MORTI AVIT
TERRAE APARTARE
AMEN

Ang Orasyon ng Mahal na Birhen sa Hudyat ng Alas Sais

Ang salitang "orasyon" ay talagang nagmula sa salitang "Orasyon" sa pamagat ng dasal na "Orasyon ng Mahal na Birhen", o ang "Angelus", na idinarasal nang pabigkas tuwing alas sais ng hapon. Layunin ng pagdasal sa Orasyon ang ipaalaala sa mga nananalig ang Paglalang kay Kristo, ang Kaniyang Pagkamatay sa Krus at ang Kaniyang Pagkabuhay. Layunin din nito ang magpapuri at magpasalamat para sa lahat ng biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa tao sa katapusan ng isang araw na paggawa, sa gusali man o sa bukid.

[4]Hindi binanggit ng may-akda kung ang orasyong ito ay bibigkasin upang magkabagyo, upang tumila ang bagyo, upang tumagal ang bagyo o upang huwag magkabagyo.

Ngunit, sa tinagal ng panahon, ang kahulugan ng "Orasyon" ay katumbas na lamang sa hudyat ng alas sais ng hapon at sa paglubog ng araw. Unti-unti ring nag-iba ang mga layunin ng pagdarasal nito: ang paghingi ng proteksiyon at kaligtasan sa panganib dahil sa nalalapit na pagdilim: ang pagpataboy sa masasamang espiritu; at ang pag-alay ng panalangin para sa kaluluwa ng mga yumao na.

Sa lahat ng Kristiyano, ang pinakakilalang orasyon ay ang tanging panalangin na ipinagkaloob ni Kristo, na nakatala sa Santa Bibliya: ang Ama Namin, na ayon naman sa mga metapisiko at teosopista ay isang susi sa Balangkas ng Buhay ng Qabbala.[5]

Ilan pang mga halimbawa ng dasal na madalas bigkasin ay ang Aba, Ginoong Maria, ang Luwalhati, ang mga dasal sa Santo Rosaryo at ang iba't ibang nobena. Kapag ibinibigkas ang mga dasal na ito—di lamang basta binabasa o idinadasal sa isip—ang mga ito ay nagsisilbing orasyon. Ang mga ito ay mayroon ding sangkap na layunin at panalangin, at ang mga ngalan, salita at pariralang ginagamit sa mga ito ay nagtataglay ng kapangyarihan—ang kapangyarihan ng Panginoon.

Ang Santa Misa

Ang Santa Misa ang nasa pinakamataas na antas ng pagsasatinig—lalo na ang Misa Cantada kung saan ang mga dasal ay inaawit at kinakanta.[6] Bagamat ang mga dasal sa Misa Cantada ay sa wikang Latin, tulad ng mga sinaunang orasyon, ito ay nasusundan at naiintindihan ng kongregasyon dahil sa kinagisnan nilang mga pagsasalin ng teksto ng Santa Misa sa Ingles at sa Tagalog. Natural lamang na ang Misa Cantada ay di lamang nasusundan at naiintindihan, kundi lubos na nasusundan at lubos na naiintindihan, ng mga paring nanunungkol dito.

Mahalaga, kung gayon, na **nasusundan** at **naiintindihan** ang isang orasyon ng sinumang gumagamit nito pagkat di yaon magkakabisa kung walang **kahulugan sa diwa** at kung walang **kabuluhan sa Sarili**. Iyan ang dahilan kung bakit ang mga orasyong itinitik sa Latin-Latinan, sa Espanyol-

[5]Ang Qabbala ay isang sistema ng paniniwalang espirituwal na nagmula sa mga sinaunang Ebreo at nagsisilbing isa sa mga ugat ng Kristiyanismo.

Ang Balangkas ng Buhay ay nagtataglay ng sampung Sephira, o Larangan Sa Sansinukuban. Ang bawat isa sa mga ito ay may katuwang na Ngalan ng Panginoon, Ngalan ng Arkanghel, Salitang Ebreo at Katangian, na nagsisilbing mga orasyon din.

[6]May paliwanag sa Pambungad ng librong ito tungkol sa pagkakaiba ng "pag-awit" sa "pagkanta".

Espanyolan, o sa "Chavacano ng mga orasyong Filipino", ay halos walang bisa. Di na ito nasasakyan ng karamihan at, sa maniwala man kayo o hindi, kadalasang di rin ito nasasakyan ng mga batang katutubong manggagamot.

Samakatwid, kung nagsasagawa ka ng magica at dumating ka sa bahaging **hindi mo masundan** at **hindi mo maintindihan—tumigil** ka muna, **magtanong sa nakaaalam** at sikaping **magsaliksik**.

Huwag na huwag itong kaliligtaan sa paggamit di lamang ng mga lumang orasyon kundi ng mga panibagong orasyon.

Mga Panibagong Orasyon

Ang mga orasyon sa librong ito ay panibagong salin at halaw ng may-akda mula sa mga ritwal at seremonya ng magica cantada.[7]

Sa pagbabasa mo sa librong ito, mahihinuha mo na *ang orasyon ay ang pagggamit sa makapangyarihang ngalan, salita o parirala upang patabuyin ang masama o upang palapitin ang mabuti sa isang tao, bagay o lunan.*

Mahihinuha mo rin na ang sinumang makasusulat ng simpleng kahilingan, ng gaano mang kapayak na tula o ng anumang pahatid sa malikhaing paraan ay makaaakda ng orasyon.

Mahihinuha mo pa na, para sa iyo, ang ilan sa pinakamabisang orasyong iyung gagamitin ay yaong mga inakda ng iyong Sarili.

Iyan ay pagkat tayong lahat ay mga anak ng Diyos. Ang bawat isa sa atin ay nilalang Niya sa Kaniyang Kaanyuhan at Kabutihan at pinagkalooban ng kakayahang makibahagi sa Kaniyang maka-Diyos na Karunungan at Kapangyarihan.

Mailalarawan natin ito sa pamamagitan ng sumusunod—

[7]Isang uri ng magica na isinasagawa ng isang pangkat ng mga mago at ginagamitan ng bilog, altar, mga kasangkapan at mga natatanging orasyon sa pananawagan at pakikipag-usap sa espiritung mataas ang katungkulan.



kung saan ang Kapangyarihan ng Diyos ay makikitang nagdudulot ng kakayahan sa tao na nababatay sa Kaniyang Kapangyarihan.

Sa sumusunod namang larawan,



makikita natin kung paano, sa pamamagitan ng karaniwang paghiling, ang tao ay nakapagsusumamo sa Diyos upang patotohanan ang kaniyang hinihiling.

Datapuwa't, di marapat na tayo ay basta humiling lamang sa Diyos, lubusang umasa sa Kaniya at mag-abang sa pagdulot Niya sa atin ng mga biyaya.

Tayo ay nilikha ng Diyos upang **makitulong, makiisa** at **magpatunay** sa **patuloy Niyang Paglikha,** bilang papuri at pasasalamat sa Kaniyang Kaluwalhatian.

Kaya't sa sumusunod na larawan,



makikita natin kung paano, sa pamamagitan ng mga orasyon at ng paggamit ng **kusa** at **sariling kakayahan**—na ang pinagmulan ay walang iba kundi ang Diyos—ay nagagawa nating lumutas sa sarili nating mga suliranin, pumuno sa sarili nating mga pangangailangan at magpatotoo sa sarili nating mga kahilingan.

Tulad ito sa aral na matutunghayan sa isa sa mga pabula ng Griyegong si Aesop: "Tumutulong lamang ang Panginoon sa mga taong tumutulong muna sa kanilang sarili."

Pasakalye, v

Pambungad, 2

Tungkol Sa Pagkanta, 5

Talabigkasan ng Mga Piling Pangalan at Salita, 9

Mga Panibagong Orasyon Para Sa Mga Unang Ritwal sa Magica Cantada, 21

Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Krus ng Qabbala, 22

Mga Orasyon Para Sa Maikling Ritwal ng Pagtaboy
Sa Pamamagitan ng Pentagramo, 23

Mga Orasyon Para Sa Maikling Ritwal ng Pagpalapit
Sa Pamamagitan ng Pentagramo, 27

Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo, 28

A. Ritwal ng Pagbanghay sa Salitang Liwanag, 28

Mga Orasyon Para Sa Maikling Ritwal ng Pagpalapit
Sa Pamamagitan ng Hexagramo, 34

Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Gitnang Haligi, 35

A. Ang Pagpapaputok sa Lakas, 38

Ritwal ng Pagbukas sa Krus na Daan Tungo
Sa Apat na Tore ng Sansinukuban, 39

A. Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Pagbukas sa Krus na
Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban, 39

1. Ritwal ng Pagpugay, 46

B. Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Pagsara sa Krus na Daan
Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban, 48

Mga Panibagong Orasyon Para Sa Mga Ritwal ng Pagdulot ng Bisa
sa Mga Kasangkapan, 49

Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Baton ng Lotus, 50

A. Mahabang Ritwal ng Pagpalapit
Sa Pamamagitan ng Pentagramo, 52

B. Panawagan Sa Mga Tatak ng Zodiac, 56

Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Pagdulot ng Bisa Sa Espada, 60

Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Pagdulot ng Bisa Sa Punyal, 65

Mga Orasyon Para Sa Mga Ritwal ng Pagdulot ng Bisa
Sa Mga Kasangkapan ng Mga Elementong Apoy,
Tubig, Himpapawid at Lupa, 65

A. Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Baton
(ng Elementong Apoy), 65

B. Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Kopa
(ng Elementong Tubig), 72

K. Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Punyal
(ng Elementong Himpapawid), 79

D. Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Pentakulo
(ng Elementong Lupa), 86

Mga Orasyon Para Sa Mga Ritwal ng Pagdulot ng Bisa
sa Mahiwagang Tatsulok, sa Bolang Kristal o Mahiwagang Salamin
at sa Insensaryo, 93

Mga Panibagong Orasyon Para Sa Seremonya ng Panawagan sa Isang
Espiritung Mataas Ang Katungkulan, 103

Paghahanda, 104

Mga Orasyon Para Sa Seremonya, 105

Katapusang Orasyon Para Sa Anumang Obra ng Magica
Cantada, 116

Mga Piling Alituntunin, 117

Talaaklatan, 122

Mga Panibagong Orasyon sa Magica Cantada

Pambungad

Tampok sa librong ito ang mga orasyong ginagamit sa ilang ritwal ng The Mages of the Dawn, isang pangkat na nagsasagawa ng ceremonial magic halaw sa mga pamamaraang itinaguyod ng Hermetic Order of the Golden Dawn sa Britanya at sa Amerika bandang 1887.

Hermetic Magic

Ang taguring "hermetic magic" ay batay sa pangalan ni Hermes, mensahero ng mga diyos sa Bundok Olympus ng sinaunang Gresya. Ama niya ang dili iba't si Zeus, na mismong pinuno sa Olympus. Ina niya si Maia, isang nimpa ng Bundok Arcadia.

Si Hermes ay nagsilbing tagahudyat; bantay ng mga pagitan at ng mga daan; at gabay ng mga kaluluwa patungong Hades.[8] Ang taguri sa kaniya sa sinaunang Roma ay Mercury, na siyang pinanggalingan ng ngalan ng planetang yaon, ng pantanging mercurial, ng likidong mercury, ng mercury lamp at, oo, ng Mercury Drug. Ang hawak niyang *caduceus*, o tungkod ng tagahudyat, na gawa sa kahoy ng oliba, may dalawang pakpak sa uluhan at pinupuluputan ng dalawang garland, o baging na dahon—na di naman lumaon ay hinalinhan ng imahen ng dalawang serpyente—ay siyang naging sagisag ng panggagamot hanggang sa kasalukuyang panahon. Dalawa pang bagay ang kinikilalang pag-aari niya: ang *petasos*, o malapad na sumbrero, na nagtataglay rin ng dalawang pakpak; at ang *talaria*, o mababang sapatos, na mayroon ding mga pakpak sa magkabilang bukung-bukong.

Sa tinagal ng panahon, si Hermes ay kinilala bilang Hermes Trismegistus, pangalang nagkaroon ng kaugnayan sa sinaunang Egyptian na diyos na si Thoth, ang tagatala ng mga diyos, tagapamahala ng panahon, tagalikha ng mga numero, o bilang—at hari ng magica. Ayon sa ilang mga aklat, ang karunungan ni Thoth (o ni Hermes Trismegistus) ay nakatala sa mga barahang Tarot.

Ang Hermetic Order of the Golden Dawn

Ang unang pangkat na nagsaliksik, gumamit at nakinabang sa karunungan ni Thoth ay ang Fratres Rosea Crucis, na itinatag ni Christian Rosenkreutz sa Alemanya noong 1398. Ito ay nagpalit ng pangalan nang

[8]Sa mitolohiya ng Gresya, ito ay ang Madilim na Hantungan ng mga Kaluluwa.

bandang 1614 kung saan ito'y naging Rosicrucian Order. Isa sa mga layunin ng grupo ay ang panatilihing buhay ang Mistisismo, ang paniniwala na ang bawat tao ay may likas na kakayahang makaniig ang Diyos, makatamo ng kabanalan at makabahagi sa dalisay na katotohanan. Ayon sa Fratres Rosea Crucis, ito ay batay sa nakasulat sa Pentateuch sa wikang Ebreo—ang orihinal na unang Limang Aklat ng Santa Bibliya—na nagsasalarawan kung paano si Moises ang naging simuno ng lahat ng ito.

Ang Hermetic Order of the Golden Dawn ay itinuring na "apó" ng Fratres Rosea Crucis, o ng Rosicrucian Order. Umiral ito sa pamumuno ng mga tulad nina MacGregor Mathers, Aleister Crowley, Israel Regardie at Dion Fortune bilang disiplinadong pamamaraan ng pag-aaral ng at pagdaranas sa magica. Ang kanilang mga miyembro ay nagsimula bilang Neophyte at umangat sa mga gradong Zelator, Theoricus, Practicus, Philosophus at Adepti. Marami silang kasangkapang ginamit sa pagsasagawa ng magica at masalimuot ang kanilang mga ritwal at seremonya.

Ang The Mages of the Dawn

Ang The Mages of the Dawn ay itinatag noong 1997 bilang pangkat na nagsasaliksik tungkol sa iba't ibang paksa ng high magic, o magica alta (ritual magic at ceremonial magic). Nabibilang dito ang scrying (pagtitig sa tubig o sa bolang kristal); ang divination (pagbasa sa mga natatagong kaalaman) sa pamamagitan ng mga barahang Tarot; ang paglikha ng mga tattwa, o mga tarhetang ginuhitan ng mga kinulayang simbolo ng limang Elemento (Lupa, Himpapawid, Apoy, Tubig at Espiritu) at ang paggamit sa mga ito bilang mga pintuan tungo sa mga daigdig na astral, o mga larangan ng mga espiritu; ang paglikha ng mga talisman, o anting-anting, at ang pagdulot ng bisa at paggamit sa mga ito; ang paglikha ng ritual at ceremonial objects, o mga kasangkapan sa magica alta tulad ng Baton ng Lotus, Pentakulo (ng Elementong Lupa), Punyal (ng Elementong Himpapawid), Baton ng (Elementong Apoy), Kopa (ng Elementong Tubig), Mahiwagang Tatsulok at Mahiwagang Salamin, at ang pagdulot ng bisa at paggamit sa mga ito; ang pag-aaral ng magical pantheons, o mga sinaunang balangkas at sistema ng mga diyos at arketipo batay sa mga mitolohiya ng iba't ibang bansa; at ang magical evocation, o panawagan sa mga espiritung mataas ang katungkulan.

Ang The Mages of the Dawn ay **hindi** nananawagan sa masasamang espiritu: sa kabuuang bilang na 72 espiritung nakatala sa Goetia (isa sa mga lumang aklat ng magica), nakikipag-ugnay sila sa 36 espiritu lamang at ang mga ito ay mababuti.

Mahalagang Tala:

Pakatandaan na ang librong ito ay hinggil sa mga **orasyon** at di sa mga ritwal at seremonya ng magica, kaya't hindi ito naglalaman ng mga gabay sa paglikha ng kasangkapan; ng pagsasaayos ng templo; ng pagsasalarawan sa mga wastong kasuotan; ng mga kinauukulang kulay na ginagamit sa magica; ng talaan ng mga akmang araw at oras sa pagsasagawa ng magica; ng listahan ng mga pangalan ng espiritu; at ng mga lagda ng espiritu.

Susunod ang isang paliwanag sa pagkanta, mga panibagong orasyon para sa mga unang ritwal sa magica cantada, mga panibagong orasyon para sa mga ritwal ng pagdulot ng bisa sa mga kasangkapan at mga panibagong orasyon para sa seremonya ng panawagan sa isang espiritung mataas ang katungkulan. Ang mga ito ay mula sa mga ritwal at seremonya ng Hermetic Order of the Golden Dawn batay sa mga kasulatan ni Israel Regardie, na isinalin ng may-akda sa wikang Filipino.

Tungkol sa Pagkanta

Maraming tunog ang nalilikha ng bibig ng tao. Nariyan ang pagpalatak at ang pagsutsot. Nariyan ang pagsipol at ang pagpasyut. Nariyan ang pagtikhim, ang pagbahing, ang pag-ubo. Nariyan ang pag-ungol at ang paghiyaw. Nariyan ang pagtawa at ang paghalakhak. Nariyan ang pag-iyak, ang pagtaghoy, ang paghalinghing. Nariyan ang pagtili. Nariyan ang paghuni. Nariyan din ang paggaya sa mga tunog na naisasagawa ng iba't ibang bagay at ng iba't ibang hayop.

Iba't iba rin ang naihahatid at naipapahiwatig ng tao sa pamamagitan ng kaniyang tinig. May nauukol na tawag sa mga paraang ito. Nariyan ang pagwika at ang pagsalita. Nariyan ang pagsabi at ang pagsalaysay. Nariyan ang pagbigkas at ang pagsambit. Nariyan ang pag-anas at ang pagbulong. Nariyan ang pagdasal at ang paghiling. Nariyan ang pagtalumpati at ang pagtatalo. Nariyan ang pagngawa, pagsumamo, ang pagmakaawa. Nariyan ang pagbida at ang pagsumbong. Nariyan ang pagsumbat at ang pagbintang. Nariyan ang pagsinghal at ang pag-angil. Nariyan ang pagsigaw at ang pag-irit. Nariyan ang pagbulalas at ang pag-utal.

Nariyan din ang pagkanta at ang pag-awit.

Itanong mo sa guro ng Filipino kung ano ang pagkakaiba ng salitang "pagkanta" sa salitang "pag-awit". Maaaring isagot niya na ang salitang "pagkanta" ay hango sa wikang Espanyol, samantalang ang salitang "pag-awit" ay hango sa wikang Malay. Maaari ring isagot niya na ang tanging pagkakaiba ng dalawang salita sa isa't isa ay ang kanilang pagkakabaybay.

Datapuwa't sa isang mago, o sa sinumang nagsasagawa ng magica, malaki ang pagkakaiba ng pagkanta sa pag-awit.

Ang pag-awit ay ang pagsasatinig sa titik ng isang himig o tugtugin o musika.

Ang pagkanta ay ang pasasatinig sa ngalan, salita o parirala sa pamamagitan ng pagpapanginig.

Bilang halimbawa, subukin mong kantahin ang ngalang "Adonai" (wastong pagbigkas: "*A-do-NA-i*"), na isa sa mga ngalang Ebreo ng Diyos.

Sundin ang sumusunod na **pitong alituntunin sa pagkanta:**

Una sa lahat, **isaisip ang isang bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo.**

Ikalawa, isaisip ang pagbaba at pagtagos ng puting liwanag sa iyong ulo tungo sa iyong dibdib, kung saan ito ay bubuo ng isa pang bola ng puting liwanag.

Ikatlo, bigkasin nang may paggalang ang ngalan, salita o pariralang kakantahin, sapagkat ang mga ito ay kaloob sa atin ng mga anghel at espiritung mataas ang katungkulan.

Bigkasin mo nang may paggalang—

A-DO-NA-I

Ikaapat, palutungin, o bigkasin nang mariin, ang bawat katinig, at patagalin nang tatlong segundo ang bawat patinig sa ngalan, salita o pariralang kakantahin.

A-A-A (tatlong segundo)-
D (palutungin) *O-O-O* (tatlong segundo)-
N (palutungin) *A-A-A* (tatlong segundo)-
I-I-I (tatlong segundo)

Ikalima, panginigin ang lalamunan sa pagkanta ng bawat patinig sa ngalan, salita o parirala.

Tingnan nga natin kung kaya mong gawin—

A-A-A (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan)-
D (palutungin)-
O-O-O (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan)-
N (palutungin)-
A-A-A (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan)-
I-I-I (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan)

Ikaanim, huwag lamang lalamunan ang panginigin kundi ang buong kalamnan, mula tuktok ng ulo hanggang talampakan. Palaganapin ang ngalan, salita o pariralang kinakanta **sa buong katawan.**

A-A-A (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan
at ang buong kalamnan)-
D (palutungin)-
O-O-O (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan
at ang buong kalamnan)-
N (palutungin)-
A-A-A (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan
at ang buong kalamnan)-
I-I-I (panginigin ang lalamunan
at ang buong kalamnan)

Ikapito at huli sa lahat, **isaisip na ikaw ay nasa sentro ng buong sansinukuban,** at **ang ngalan, salita o parirala na iyong kinakanta ay umaabot sa lahat ng dulo ng buong sansinukuban.**

A-A-A (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan
at ang buong kalamnan,
ipaabot sa lahat ng dulo ng buong sansinukuban)-
D (palutungin)-
O-O-O (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan
at ang buong kalamnan,
ipaabot sa lahat ng dulo ng buong sansinukuban)-
N (palutungin)-
A-A-A (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan
at ang buong kalamnan,
ipaabot sa lahat ng dulo ng buong sansinukuban)-
I-I-I (tatlong segundo, panginigin ang lalamunan
at ang buong kalamnan,
ipaabot sa lahat ng dulo ng buong sansinukuban)

Ipagsama ngayon ang pitong alituntunin at bigkasin ang ngalang—

A-A-A-DO-O-O-NA-A-A-I-I-I

Minsan pa—

ADONAI

Laging Tandaan:

Sa pagkanta ng anumang ngalan, salita o parirala, dapat ay di ka lamang parang kinalabit na kuwerdas ng gitara kundi ang mismong tunog ng kuwerdas na yaon.

Kapag ikaw ang kuwerdas, ikaw rin ang tunog ng kuwerdas. Kapag ikaw ang kumakanta, ikaw rin ang kanta.

Talabigkasan ng Mga Piling Pangalan at Salita

Pangalan o Salita	Pagbigkas	Maikling Kahulugan
ADONAI HA ARETZ	A-DO-**NA**-I **HA**-A-RETZ	Isang Ngalan ng Diyos na ang kahulugan ay "Panginoon ng Lupa" sa wikang Ebreo
AGLA	A-GA-LA	Isang Ngalan ng Diyos na ang kahulugan ay "Kayo ay dakila magpakailanman, aking Panginoon" sa wikang Ebreo
ALEPH LAMED AL	**AL**-EPH **LAM**-ED AL	Daglat ng AGLA sa mga titik na Ebreo
APOPHIS	**A**-PO-FIS	Isang masamang nilalang sa sinaunang Ehipto
ARAL	**A**-RAL	Isang anghel sa ilalim ng pamumuno ng arkanghel na si Michael
ARARITA	**A**-RA-**RI**-TA	Isang Ngalan ng Diyos na ang

		kahulugan ay "Isa ang Pinagmulan, Isa ang Katauhan, Isa ang Bilang" sa wikang Ebreo
ATAH	**A**-TA	"Ikaw (Kayo) ay" sa wikang Ebreo
ARIEL	**A**-RI-EL	Ang Prinsipe ng Elementong Himpapawid; pangalang Enochian[9]
AURIEL	**OR**-I-EL	Pangalan ng isang arkanghel; pangalang Ebreo
BANAA	**BE**-AN-**A**-A	Pinunong Anghel ng Apat na Anghel ng Apoy sa Elementong Tubig; pangalang Enochian
BATAIVAH	**BA**-TA-**I**-VA-HA	Ang Hari ng Silangan; pangalang Enochian
BDOPA	**BE**-DO-**PE**-A	Pinunong Anghel ng Apat na Anghel ng Apoy sa Elementong Himpapawid; pangalang Enochian
BITOM	BE-**I**-TO-EM	Pangalan ng Espiritu ng Elementong

[9]"Ang lingguwahe ng mga Anghel," na ibinatay sa ilang karta ng mga titik na itinala ng magong si Dr. John Dee (1527-1608) at ng kaniyang aprendis na si Edward Kelly sa kanilang pakikipanayam sa mga espiritung mataas ang katungkulan sa pamamagitan ng kanilang "shew-stone", scrying disc o mahiwagang salamin sa London.

		Apoy; pangalang Enochian
BPSAC	**BE**-PE-**ZA**-KA	Pinunong Anghel ng Apat na Anghel ng Apoy sa Elementong Lupa; pangalang Enochian
BZIZA	**BE**-ZOD-**I**-ZOD-A	Pinunong Anghel ng Apat na Anghel ng Apoy sa Elementong Apoy; pangalang Enochian
CHASSAN	**KA**-SAN	Isang anghel sa ilalim ng pamumuno ng arkanghel na si Ráphael; pangalang Enochian
DAROM	**DA**-ROM	Isa sa mga Korteng kinalulуklukan ng Diyos; pangalang Enochian
EDEL PERNAA	**E**-DEL **PER**-NA-A	Ang Hari ng Timog; pangalang Enochian
EHEIEH	**E**-HE-YE	Isang Ngalan ng Diyos na ang kahulugan ay "Ako ay" sa wikang Ebreo
EL	**EL**	Isang Ngalan ng Diyos, o bahagi ng

		Ngalan ng Diyos, na ang kahulugan ay "Diyos" sa wikang Ebreo
ELEXARPEH COMANANU TABITOM	ELEX**AR**PEH COMA**NA**NU **TA**BITOM	"'Ako ay Panginoon', ang wika ng Diyos ng Katarungan", sa wikang Enochian
ELOAH VEDAATH	**E**-LO-A V'**DA**-AT	Isang Ngalan ng Diyos na ang kahulugan ay "Panginoong Diyos ng Karunungan" sa wikang Ebreo
ELOHIM	**EL**-O-HIM	Isang Ngalan ng Diyos na ang kahulugan ay "Ang Panginoong Diyos" o "Ang Mga Diyos" sa wikang Ebreo
EMOR DIAL HECTEGA	**E**-MOR **DI**-AL **HEK**-TE-GA	Ang Tatlo, Dakila at Lihim na mga Ngalan ng Diyos sa ilalim ng Bandila ng Hilaga; mga pangalang Enochian
EMPEH ARSEL GAIOL	**EM**-PE **AR**-SEL **GA**-I-OL	Ang Tatlo, Dakila at Lihim na mga Ngalan ng Diyos sa ilalim ng Bandila ng Kanluran; mga pangalang Enochian
ERZLA	**E**-RA-**ZOD**-LA	Pinunong anghel ng Himpapawid sa Elementong Himpapawid; pangalang Enochian
ETNBR	ET-EN-BA-RA	Pinunong anghel ng Lupa sa Elementong Himpapawid; pangalang Enochian
EXARP	**EKS**-AR-PE	Pangalan ng Espiritu ng Elementong Himpapawid; pangalang Enochian
EXGSD	**EX**-JI-**AZ**-DA	Pinunong anghel ng Apoy sa Elementong Himpapawid; pangalang Enochian
EYTPA	**E**-IT-**POD**-A	Pinunong anghel ng Tubig sa Elementong Himpapawid; pangalang Enochian
GABRIEL	**GA**-BRI-EL	Pangalan ng isang arkanghel; pangalang Ebreo
HADES	**HEY**-DIZ	Sa mitolohiya ng Gresya, ang Hari ng Madilim na Hantungan ng mga Kaluluwa
HCOMA	HE-**KO**-MA	Pangalan ng Espiritu ng Elementong Tubig; pangalang Enochian

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI	**HE**-KAS, **HE**-KAS, **ES**-TE **BE**-BE-LOY	"Layas, layas dito, lahat ng masama!" sa wikang Ebreo
HMAGL	HE-**MA**-GE-EL	Pinunong anghel ng Lupa sa Elementong Tubig; pangalang Enochian
HNLRX	**HE**-NU-**EL**-REX	Pinunong anghel ng Apoy sa Elementong Tubig; pangalang Enochian
HTAAD	**HE**-TA-**A**-DA	Pinunong anghel ng Himpapawid sa Elementong Tubig; pangalang Enochian
HTDIM	**HE**-TA-**DI**-MA	Pinunong anghel ng Tubig sa Elementong Tubig; pangalang Enochian
IAO	**I**-A-O	Ang Ngalan ng Kataas-taasang Diyos ng mga gnostiko, isang sinaunang pangkat ng mga Kristiyano
IC ZOD HEH CHAL	**I**-KA **ZOD**-A HE **KAL**-A	Ang Hari ng Hilaga; pangalang Enochian

INRI	**IN**-RI	Mga titik sa wikang Latin na ang kahulugan ay ang taguring "Hari ng mga Hudyo" kapag nasa itaas ng krusipiho, datapuwa't para sa mga mistiko ay may iba't iba pang mga kahulugan
ISIS	**AY**-SIS	Pangalan ng isang diyosa ng sinaunang Ehipto
KERUB	**KE**-RUB	Ang Prinsipe ng Elementong Lupa; pangalang Enochian
LE OLAHM	**LE**-O-LAM	"Magpakailanman at hanggang sa dulo ng panahon" sa wikang Ebreo
LVX	**LUKS**	Liwanag, Ilaw sa wikang Latin
MALKUTH	**MAL**-KUS	Ang Kaharian sa wikang Ebreo
MEARAB	**MI**-A-RAB	Isa sa mga Korteng kinalulуklukan ng Diyos; pangalang Enochian
MICHAEL	**MI**-KAY-EL	Pangalan ng isang arkanghel; pangalang Ebreo

MIZRACH	**MITZ**-RAK	Isa sa mga Korteng kinalulуklukan ng Diyos; pangalang Enochian
MPH ARSEL GAIOL	**EM**-PE-HE **AR**-SEL **GA**-I-OL	Ang Tatlo, Dakila at Lihim na mga Ngalan ng Diyos sa ilalim ng Bandila ng Kanluran; mga pangalang Enochian
NAAOM	**NA**-A-O-EM	Pinunong anghel ng Apoy sa Elementong Lupa; pangalang Enochian
NANTA	**EN**-A-**EN**-TA	Pangalan ng Espiritu ng Elementong Lupa; pangalang Enochian
NBOZA	EN-**BO**-ZOD-A	Pinunong Anghel ng Himpapawid sa Elementong Lupa; pangalang Enochian
NPHRA	**EN**-FRA	Pinunong Anghel ng Tubig sa Elementong Lupa; pangalang Enochian
NROAM	**EN**-RO-**A**-EM	Pinunong anghel ng Lupa sa Elementong Lupa; pangalang Enochian

OIP TEAA PEDOCE	**O**-I-PE TE-**A**-A PE-**DO**-KE	Ang Tatlo, Dakila at Lihim na mga Ngalan ng Diyos sa ilalim ng Bandila ng Timog; mga pangalang Enochian
ORO IBAH AOZPI	**O**-RO **I**-BA-HA **A**-O-**ZOD**-PI	Ang Tatlo, Dakila at Lihim na mga Ngalan ng Diyos sa ilalim ng Bandila ng Silangan; mga pangalang Enochian
OSIRIS	O-**ZI**-RIS	Pangalan ng isang diyos ng sinaunang Ehipto
PHORLAKH	**FOR**-LAK	Isang anghel sa ilalim ng pamumuno ng arkanghel na si Auriel; pangalang Enochian
QABBALA	**KA**-BA-LA	Isang sistema ng paniniwala tungkol sa Diyos, sa Pagkapal, at sa iba't ibang daigdig at larangan ng Espiritu batay sa sinaunang karunungan ng mga Ebreo
RA AGIOSEL	RA **A**-JI-O-SEL	Ang Hari ng Kanluran; pangalang Enochian
RAPHAEL	**RA**-FA-YEL	Pangalan ng isang arkanghel;

		pangalang Ebreo
SERAPH	**SE**-RAF	Ang Prinsipe ng Elementong Apoy; pangalang Enochian
SHADDAI EL CHAI	**SHA**-DAY EL KAY	Isang Ngalan ng Diyos na ang kahulugan ay "Makapangyarihang Diyos na Maykapal" sa wikang Ebreo
TALIAHAD	**TA**-LI-A-HAD	Isang anghel sa ilalim ng pamumuno ng arkanghel na si Gabriel; pangalang Enochian
THARSIS	**TAR**-SIS	Ang Prinsipe ng Elementong Tubig; pangalang Enochian
TZAPHON	**TZA**-FON	Isa sa mga Korteng kinalulуklukan ng Diyos; pangalang Enochian
VEGEBURAH	V'**GE**-BU-RA	"At ang kapangyarihan" sa wikang Ebreo
VEGEDULAH	V'**GE**-DU-LA	"At ang luwalhati" sa wikang Ebreo
YEHESHUAH	**YE**-HE-**SHU**-A	Isang Ngalan ng Diyos, "Ang Ngalang May Limang Titik", sa wikang Ebreo

YEHOVASHAH	**YE**-HO-**VA**-SHA	Isang pagkakabaybay sa Ngalang Yeheshuah, sa wikang Ebreo
YOD HEH VAV HEH (YHVH)	**YOD**E HE **VAV** HE	YHWVH o Yahweh, isang Ngalan ng Diyos, "Ang Ngalang May Apat na Titik", sa wikang Ebreo
YOD NUN RESH YOD	**YOD**E NUN RESH **YOD**E	Isang pagkakabaybay sa mga titik na Latin na "INRI" sa wikang Ebreo

Laging Tandaan:

.Kapag MALAKI ANG TITIK ng ngalan, salita o parirala sa mga sumusunod na orasyon, ang mga pangalan o salitang ito ay dapat **kantahin.**

Mga Panibagong Orasyon para sa mga Unang Ritwal sa Magica Cantada

Mga Orasyon para sa Ritwal ng Krus ng Qabbala

Hawakan ang **Punyal**[10] sa kanang kamay.

Tumayo sa silangang panig ng **bilog** at humarap doon.

Pumikit. Isaisip na marahan kang tumatangkad. Lampasan mo ang kisame, bubong at ang kalangitan hanggang sa ang mundo ay nagmistulang munting bola na lamang sa iyong paanan.

Isaisip at pakiramdaman na ikaw ay nasa kalagitnaan ng buong sansinukuban.

Tumingala at pagmasdan ang isang bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo.

Ituon ang **Punyal** sa liwanag. Sa pamamagitan ng **Punyal** ay hilahing pababa ang liwanag. Ituon ang **Punyal** sa sentro ng iyong noo. Pakiramdaman ang pagbuhos ng puting liwanag sa loob ng iyong ulo samantalang kinakanta ang salitang Ebreo na

ATAH

Ituon ang **Punyal** sa sentro ng iyong dibdib at sa sentro ng iyong ari. Pakiramdaman ang pagbuhos ng puting liwanag sa loob ng iyong katawan samantalang kinakanta ang salitang Ebreo na

MALKUTH

Ang puting liwanag mula sa ibabaw ng iyong ulo ay patuloy na tatagos sa iyong ulo, katawan at sa mundo na nasa iyong paanan.

Muling ituon ang **Punyal** sa sentro ng iyong dibdib. Sa pamamagitan ng **Punyal** ay hilahing pakanan at pasangahin ang liwanag hanggang tumagos ito sa iyong kanang balikat tungo sa kawalan. Kantahin ang salitang Ebreo na

VEGEBURAH

[10]Ang **Punyal** ay isang pangunahing kasangkapan sa pagsasagawa ng anumang uri ng magica. Ang talim ng **Punyal** ay tuwid at matalas sa magkabilang gilid. Sa karaniwan, ang hawakan nito ay itim.

Muling ituon ang **Punyal** sa sentro ng iyong dibdib. Sa pamamagitan nito ay hilahing pakaliwa at pasangahin ang liwanag hanggang tumagos ito sa iyong kaliwang balikat tungo sa kawalan. Kantahin ang salitang Ebreo na

VEGEDULAH

Ipagsalubong ang dalawang palad sa gitna ng iyong dibdib. Ituon ang **Punyal** sa kaitaasan. Kantahin ang mga salitang Ebreo na

LEOLAHM. AMEN.

Ikaw ngayon ay nakatayo sa sentro ng isang krus ng puting liwanag na tumatagos sa iyong katawan at sa buong sansinukuban.

Ang krus na ito ay ang **Krus ng Qabbala.**

Ang kahulugan ng mga salitang Ebreo na "*ATAH MALKUTH, VEGEBURAH, VEGEDULAH, LEOLAHM. AMEN.*" ay "*Sapagkat sa Iyo ang Kaharian, ang Kapangyarihan at ang Kaluwalhatian magpakailanman. Amen.*"

Mga Orasyon para sa Maikling Ritwal ng Pagtaboy sa Pamamagitan ng Pentagramo

Ang mga ritwal ng pagtaboy ay isinasagawa upang:

1) balutan ng pananggalang ang isang tao, bagay o lunan;
2) paalisin ang masamang espiritu sa isang tao, bagay o lunan; o
3) paalisin at palayuin ang anumang anyo ng kasamaan sa isang tao, bagay o lunan.

Isagawa ang **Krus ng Qabbala.**

Manatiling nakaharap sa silangan. Sa pamamagitan ng **Punyal,** lumikha ng mga guhit ng apoy na kulay-asul sa himpapawid hanggang sa mabuo ang isang higanteng **Pentagramo**[11] **ng Pagtaboy** sa dakong silangan. (Simulan ang guhit sa paa sa kaliwa ng Pentagramo tungo sa tuktok nito.)

[11]Ang limang-sulok na bituin.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**: Ihakbang ang kaliwang paa nang minsan. Iunat paharap ang mga braso at kamay na nakatuon ang mga palad sa lapag. Ituon ang **Punyal** sa harapan. Bahagyang yumukod.

Huminga nang malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang ngalang

YOD HEH VAV HEH

Pakiramdaman ang lakas mula sa gitna ng iyong katawan na tumatagos sa iyong kanang balikat, braso, kamay at **Punyal** tungo sa higanteng **Pentagramo** sa himpapawid. Huwag ibababa ang **Punyal**.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**: Ilapat ang kaliwang hintuturo sa mga labi at manatiling gayon nang anim na sandali.

Humarap sa gawing timog, at panatilihing nakadipa ang kanang braso at kamay. Panatilihing nakatuon ang **Punyal** sa harapan upang patuloy na makalikha ng guhit sa himpapawid: isang guhit ng apoy na puti na magsisimulang bumuo sa isang malaking bilog sa iyong paligid.

Sa pamamagitan ng **Punyal** ay lumikha ng mga guhit ng apoy na asul sa himpapawid hanggang sa mabuo ang isang higanteng **Pentagramo ng Pagtaboy** sa dakong timog.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Huminga nang malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang Ngalang

ADONAI

Pakiramdaman ang lakas mula sa gitna ng iyong katawan na tumatagos sa iyong kanang balikat, braso, kamay at **Punyal** tungo sa higanteng **Pentagramo** sa himpapawid. Huwag ibababa ang **Punyal**.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Humarap sa gawing kanluran, at panatilihing nakadipa ang kanang braso at kamay. Panatilihin ding nakatuon ang **Punyal** sa harapan upang patuloy na makalikha ng guhit ng apoy na puti sa himpapawid.

Sa pamamagitan ng **Punyal** ay lumikha ng mga guhit ng apoy na

asul sa himpapawid hanggang sa mabuo ang isang higanteng **Pentagramo ng Pagtaboy** sa dakong kanluran.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Huminga nang malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang Ngalang

EHEIEH

Pakiramdaman ang lakas mula sa gitna ng iyong katawan na tumatagos sa iyong kanang balikat, braso, kamay at **Punyal** tungo sa higanteng **Pentagramo** sa himpapawid. Huwag ibababa ang **Punyal**.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Humarap sa gawing hilaga, at panatilihing nakadipa ang kanang braso at kamay. Panatilihin ding nakatuon ang **Punyal** sa harapan upang patuloy na makalikha ng guhit ng apoy na puti sa himpapawid.

Sa pamamagitan ng **Punyal** ay lumikha ng mga guhit ng apoy na asul sa himpapawid hanggang sa mabuo ang isang higanteng **Pentagramo ng Pagtaboy** sa dakong hilaga.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Huminga nang malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang Ngalang

AGLA

Pakiramdaman ang lakas mula sa gitna ng iyong katawan na tumatagos sa iyong kanang balikat, braso, kamay at **Punyal** tungo sa higanteng **Pentagramo** sa himpapawid. Huwag ibababa ang **Punyal**.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Muling humarap sa gawing silangan, at panatilihing nakadipa ang kanang braso at kamay. Panatilihin ding nakatuon ang **Punyal** sa harapan upang patuloy na makalikha ng guhit ng apoy na puti sa himpapawid at maging ganap ang hugis ng malaking bilog sa iyong paligid.

Ikaw ngayon ay pinaliligiran ng apat na higanteng **Pentagramong**

apoy na asul sa dakong silangan, timog, kanluran at hilaga, na nasa loob ng isang malaking bilog ng apoy na puti.

Muling isaisip ang **Krus ng Qabbala**, na binubuo ng puting liwanag, sa loob ng iyong katawan. Muling idipa ang mga braso at kamay.

Isagawa ang **Panawagan sa Apat na Arkanghel:**

1) Bigkasin at kantahin ang sumusunod—

Sa harap ko,
si RAPHAEL.

2) Huwag pumikit. Isaisip na nakatayo sa iyong harapan ang matangkad na arkanghel na si Raphael. Taglay ng kaniyang kasuotan ang mga kulay ng Elementong Himpapawid (dilaw at biyoleta). Pakiramdaman ang haplos ng Himpapawid sa iyong mukha at katawan.

3) Bigkasin at kantahin ang sumusunod—

Sa likod ko,
si GABRIEL.

4) Isaisip na nakatayo sa iyong likuran ang matangkad na arkanghel na si Gabriel. Taglay ng kaniyang kasuotan ang mga kulay ng Elementong Tubig (asul at kahel). Pakiramdaman ang dampi ng Tubig sa likod ng iyong ulo at katawan.

5) Bigkasin at kantahin ang sumusunod—

Sa kanan ko,
si MICHAEL.

6) Lumingon sa kanan. Isaisip na nakatayo sa iyong kanan ang matangkad na arkanghel na si Michael. Taglay ng kaniyang kasuotan ang mga kulay ng Elementong Apoy (pula at berde). Pakiramdaman ang init ng Apoy sa kanan ng iyong ulo at katawan.

7) Bigkasin at kantahin ang sumusunod—

Sa kaliwa ko,
si AURIEL.

8) Lumingon sa kaliwa. Isaisip na nakatayo sa iyong kaliwa ang matangkad na arkanghel na si Auriel. Taglay ng kanyang kasuotan ang mga kulay ng Elementong Lupa (citrine [pinaghalong kahel at berde], oliba [pinaghalong berde at biyoleta], russet [pinaghalong kahel at biyoleta], at

itim). Pakiramdaman ang singaw ng Lupa sa kaliwa ng iyong ulo at katawan.

Muling tumingin sa silangan at pagmasdan ang mga Pentagramo sa iyong kapaligiran, at bigkasin ang sumusunod:

Pagkat sa palibot ko nagniningning
ang limang-sulok na bituin.

Isaisip ang isang maputi at maliwanag na **Hexagramo**[12] sa gitna ng iyong dibdib, at bigkasin ang sumusunod:

At sa loob ko
ay may sulok na anim.

Muling isagawa ang **Krus ng Qabbala**.

Mga Orasyon para sa Maikling Ritwal ng Pagpalapit sa Pamamagitan ng Pentagramo

Ang mga ritwal ng pagpalapit ay isinasagawa upang:

1) balutan ng pananggalang ang isang tao, bagay o lunan;
2) palapitin ang mabuting espiritu sa isang tao, bagay o lunan; o
3) palapitin at panatilihin ang anumang anyo ng kabutihan sa isang tao, bagay o lunan.

Katulad ng sa **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**; ang tanging pagkakaiba ay sa pagguhit sa bawat **Pentagramo** sa pamamagitan ng **Punyal**. (Simulan ang guhit sa tuktok ng **Pentagramo** tungo sa paa sa kaliwa nito.)

[12]Ang anim-na-sulok na bituin na binubuo ng dalawang magkapatong na tatsulok.

Maikling Ritwal ng Pagtaboy sa Pamamagitan ng Hexagramo

Ang kasangkapang ginagamit sa **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo** ay ang **Baton ng Lotus**[13] sa halip ng **Punyal.**

Isagawa ang:

A. *Ritwal ng Pagbanghay sa Salitang Liwanag*

Idipa ang mga braso at kamay upang ang iyong katawan ay maghugis-krus. Kantahin ang mga titik na

INRI

Kantahin ang mga salitang Ebreo na

YOD NUN RESH YOD

Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay lumikha ng mga guhit ng apoy na asul sa himpapawid hanggang sa mabuo ang mga higanteng titik na "*YOD NUN RESH YOD*". Iguhit ang mga titik ng alpabetong Ebreo mula kanan patungong kaliwa, sang-ayon sa tamang pagbigkas ng mga ito.

Idipa ang mga braso at kamay upang ang katawan ay maghugis-krus. Ipagdikit ang mga daliri at ituon ang mga palad sa harapan. Bigkasin ang sumusunod:

Ang pinaslang
na si Osiris.[14]

[13]Ang **Baton ng Lotus** ay isang pangunahing kasangkapan sa pagsasagawa ng magica cantada o ng anumang uri ng high magic, o magica alta. Ang tangkay ng **Baton** ay karaniwang gawa sa kahoy. Pinaiikutan ito ng iba't ibang lapad ng mga guhit na puti at itim, kung saan ang kanilang mga pagitan ay kulay ng bahaghari. Ang tuktok ng **Baton** ay nagtataglay ng bulaklak na lotus na maaaring gawa sa papel, tanso o nililok na kahoy.

[14]Sa mitolohiya ng Ehipto, si Osiris ay ang madunong na anak na lalaki ng haring si Geb at ng reynang si Nut. Pinaslang siya ng kapatid niyang si Set, datapwat muli siyang binuhay ng mga diyos ng Ehipto at ginawang imortal. Si Osiris ay hinirang na tagapamahala ng daigdig ng mga espiritu at husgado ng mga sumakabilang-buhay.

Samantalang nakadipa, dahan-dahang itaas ang kanang braso at kamay upang ang mga ito ay maghugis-titik na "L". Panatilihing magkadikit ang mga daliri at nakatuon ang mga palad sa harapan. Lumingon sa kaliwa at bigkasin ang sumusunod:

Ele,
ang nagluluksang si Isis.[15]

Itaas ngayon nang palihis ang mga braso at kamay upang ang mga ito ay maghugis-titik na "V". Panatilihing magkadikit ang mga daliri at nakatuon ang mga palad sa harapan. Tumingala at bigkasin ang sumusunod:

Ve,
si Typhon[16]
at si Apophis.[17]

Tiklupin ang mga braso at kamay sa gitna ng dibdib upang ang mga ito ay maghugis-titik na "X". Panatilihing magkadikit ang mga daliri. Ituon ang mga palad sa katawan.

Bahagyang yumukod at bigkasin ang sumusunod:

Ekis,
si Osiris na nagkabuhay.

Muling idipa ang kaliwang braso at kamay, at itaas ang kanang braso at kamay, upang ang mga ito ay maghugis-titik na "L". Bigkasin ang sumusunod:

Ele.
Ve.
Ekis.

[15]Sa mitolohiya ng Ehipto, si Isis ay ang anak na babae ng haring si Geb at ng reynang si Nut. Katulad ni Osiris, siya man ay ginawang imortal at hinirang na tagapakinig sa mga ina.

[16]Sa mitolohiya ng Gresya at ng Roma, si Typhon ay isang halimaw na nagbigay-supling sa iba pang mga halimaw. Ang kaniyang katuwang sa mitolohiya ng Ehipto ay si Set, kapatid nina Osiris at Isis.

[17]Sa mitolohiya ng Ehipto, si Apophis ay ang Serpyente na dili iba't ang pinuno ng Kasamaan. Siya ang Hari ng Kadiliman at ang kalaban ni Ra (ang Araw), na siya namang Hari ng Liwanag.

Muling itaas nang palihis ang mga braso at kamay upang ang mga ito ay maghugis-titik na "V". Kantahin ang sumusunod:

LVX

Sandaling tumigil, pagkatapos ay bigkasin ang sumusunod:

Liwanag...

Muling tiklupin ang mga braso at kamay sa gitna ng dibdib upang ang mga ito ay maghugis-titik na "X". Bigkasin ang sumusunod:

...ng Krus.

Muling idipa ang mga braso at kamay upang ang katawan ay maghugis-krus, at pagkatapos ay itaas nang palihis upang ang mga ito ay maghugis-titik na "V". Muling itingala ang ulo.

Bigkasin ang mga sumusunod:

Virgo,[18]
Isis,
nakapangyayaring ina,
Scorpio,[19]
Apophis,
tagakitil,
Sol,[20]
Osiris
pinaslang
at nagkabuhay,
Isis,
Apophis,
Osiris.

[18]Ang Virgo ay isa sa mga constellation, o pulutong ng mga bituin, sa kalangitan at ang ikaanim na signo ng zodiac. Ilan sa mga bagay na iniuugnay sa Virgo ay ang pagkababae, ang gabi, ang lamig, ang direksiyong timog, ang kalungkutan at ang lupa.

[19]Ang Scorpio ay isa rin sa mga constellation, o pulutong ng mga bituin, sa kalangitan at ang ikawalong signo ng zodiac. Ilan sa mga bagay na iniuugnay sa Scorpio ay ang pagkababae, ang gabi at ang lamig (katulad ng Virgo), ang direksiyong hilaga, ang kabigatang-loob at ang tubig.

[20]Sa mitolohiya ng Roma, si Sol ay ang Hari ng Araw.

Kantahin nang malakas ang mga titik na

IAO

Manatiling nakatingala at panatilihing nakataas nang palihis ang mga braso at kamay.

Isaisip ang puting bola ng liwanag sa itaas ng iyong ulo. Bigkasin ang sumusunod:

Pasikatin ang Liwanag
ng Kataastaasan.

Marahang tiklupin ang mga braso at kamay sa gitna ng dibdib upang ang mga ito ay muling maghugis-titik na "X". Pakiramdaman ang pagbuhos ng puting liwanag sa iyong ulo at buong katawan. (Dito ang katapusan ng **Pagbanghay sa Salitang Liwanag**.)

Magtungo sa silangang panig ng **bilog**. Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay lumikha ng mga guhit ng apoy na ginto sa himpapawid hanggang sa mabuo ang isang higanteng **Pantaboy na Hexagramo ng Elementong Apoy**:

Una, gumuhit ng isang tatsulok; simulan ang guhit sa tuktok ng tatsulok tungo sa kaliwang paa nito. Ikalawa, gumuhit ng isa pang tatsulok na nakapatong sa unang tatsulok ngunit bahagyang nasa ibaba nito; simulan ang guhit tulad ng sa unang tatsulok.

Iguhit ang **Pantaboy na Hexagramo ng Elementong Apoy** sa mismong kinaroroonan ng **Pentagramong** unang iginuhit sa silangan.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Huminga nang malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang salitang Ebreo na

ARARITA

Pakiramdaman ang lakas mula sa gitna ng iyong katawan na tumatagos sa iyong kanang balikat, braso, kamay at **Baton ng Lotus** tungo sa higanteng **Hexagramo** sa himpapawid. Huwag ibababa ang **Baton ng Lotus**.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Magtungo sa timog na panig ng **bilog**. Humarap sa dakong timog, at panatilihing nakadipa ang kanang braso at kamay. Panatilihin ding nakatuon ang **Baton ng Lotus** sa harapan upang patuloy na makalikha ng guhit ng apoy na puti sa himpapawid.

Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay lumikha ng mga guhit ng apoy na ginto sa himpapawid hanggang sa mabuo ang isang higanteng **Pentagramo ng Pagtaboy ng Elementong Lupa**:

Una, gumuhit ng isang tatsulok; simulan ang guhit sa tuktok ng tatsulok tungo sa kaliwang paa nito. Ikalawa, gumuhit ng baligtad na tatsulok na nakapatong sa unang tatsulok; simulan ang guhit sa puwit ng tatsulok tungo sa kanang paa nito.

Iguhit ang **Pantaboy ng Hexagramo ng Elementong Lupa** sa mismong kinaroroonan ng **Pentagramo**ng unang iginuhit sa timog.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Huminga nang malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang salitang Ebreo na

ARARITA

Magtungo sa kanlurang panig ng **bilog**. Humarap sa dakong kanluran, at panatilihing nakadipa ang kanang braso at kamay. Panatilihin ding nakatuon ang **Baton ng Lotus** sa harapan upang patuloy na makalikha ng guhit ng apoy na puti sa himpapawid.

Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay lumikha ng mga guhit ng apoy na ginto sa himpapawid hanggang sa mabuo ang isang higanteng **Pentagramo ng Pagtaboy ng Elementong Himpapawid**:

Una, gumuhit ng isang tatsulok; simulan ang guhit sa tuktok ng tatsulok tungo sa kaliwang paa nito. Ikalawa, gumuhit ng baligtad na tatsulok sa ibaba ng unang tatsulok; simulan ang guhit sa puwit ng tatsulok tungo sa kanang paa nito.

Iguhit ang **Pantaboy na Hexagramo ng Elementong Himpapawid** sa mismong kinaroroonan ng **Pentagramo**ng unang iginuhit sa kanluran.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Huminga nang malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang salitang Ebreo na

ARARITA

Magtungo sa hilagang panig ng **bilog**. Humarap sa dakong hilaga, at panatilihing nakadipa ang kanang braso at kamay. Panatilihin ding nakatuon ang **Baton ng Lotus** sa harapan upang patuloy na makalikha ng guhit ng apoy na puti sa himpapawid.

Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay lumikha ng mga guhit ng apoy na ginto sa himpapawid hanggang sa mabuo ang isang higanteng **Pentagramo ng Pagtaboy ng Elementong Tubig**:

Una, gumuhit ng isang tatsulok; simulan ang guhit sa tuktok ng tatsulok tungo sa kaliwang paa nito. Ikalawa, gumuhit ng baligtad na tatsulok sa ibabaw ng unang tatsulok; simulan ang guhit sa puwit ng tatsulok tungo sa kanang paa nito.

Iguhit ang **Pantaboy na Hexagramo ng Elementong Tubig** sa mismong kinaroroonan ng **Pentagramo**ng unang iginuhit sa hilaga.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Huminga nang malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang salitang Ebreo na

ARARITA

Mahalagang Tala:

Pansinin sa ritwal na ito na ang pagguhit sa mga **Pantaboy na Hexagramo** sa apat na direksiyon (silangan, timog, kanluran, hilaga) ay di ayon sa karaniwang kaugnayan ng mga Elemento sa mga direksiyon (Silangan = Himpapawid, Timog = Apoy, Kanluran = Tubig, Hilaga = Lupa) kundi sa kaugnayan ng mga signos ng zodiac sa mga direksiyon (Silangan = Aries, Leo, Sagittarius [Apoy]; Timog = Taurus, Virgo, Capricorn [Lupa]; Kanluran = Gemini, Libra, Aquarius [Himpapawid]; Hilaga = Cancer, Scorpio, Pisces [Tubig]).

Muling magtungo sa silangang gilid ng bilog, at panatilihing nakadipa ang kanang braso at kamay. Panatilihin ding nakatuon ang **Baton ng Lotus** sa harapan upang patuloy na makalikha ng guhit ng apoy na puti sa himpapawid at ganapin ang malaking bilog sa iyong paligid.

Ikaw ngayon ay pinaliligiran ng apat na higanteng **Pantaboy na Hexagramong** apoy na ginto na nangakalapat sa apat na higanteng **Pentagramong** apoy na asul sa dakong silangan, timog, kanluran at hilaga, sa loob ng malaking bilog ng apoy na puti. Pakiramdamang maigi ang pag-iral ng mga ito sa palibot ng bilog.

Bilang katapusan, muling isaisip ang **Krus ng Qabbala**, na binubuo ng puting liwanag, sa loob ng iyong katawan. Muling idipa ang mga braso at kamay.

Isagawa ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag** sa halip ng **Krus ng Qabbala** kung ang ritwal ay susundan ng obra magica.

Mga Orasyon para sa Maikling Ritwal ng Pagpalapit sa Pamamagitan ng Hexagramo

Katulad ng sa **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo**; ang tanging pagkakaiba ay sa pagguhit sa bawat **Hexagramo** sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus**.

Para sa **Pampalapit na Hexagramo ng Apoy**, sa **silangan**:

Una, gumuhit ng isang tatsulok; simulan ang guhit sa kaliwang paa ng tatsulok tungo sa tuktok nito. Ikalawa, gumuhit ng isa pang tatsulok na nakapatong sa unang tatsulok ngunit bahagyang nasa ibaba nito; simulan ang guhit tulad ng sa unang tatsulok.

Para sa **Pampalapit na Hexagramo ng Lupa**, sa **timog**:

Una, gumuhit ng isang tatsulok; simulan ang guhit sa kaliwang paa ng tatsulok tungo sa tuktok nito. Ikalawa, gumuhit ng baligtad na tatsulok na nakapatong sa unang tatsulok; simulan ang guhit sa ibabaw ng paa sa kanan ng tatsulok tungo sa puwit nito.

Para sa **Pampalapit na Hexagramo ng Himpapawid**, sa **kanluran**:

Una, gumuhit ng isang tatsulok; simulan ang guhit sa kanang paa ng tatsulok tungo sa tuktok nito. Ikalawa, gumuhit ng baligtad na tatsulok sa ibaba ng unang tatsulok; simulan ang guhit sa ibabaw ng paa sa kanan ng tatsulok tungo sa puwit nito.

Para sa **Pampalapit na Hexagramo ng Tubig**, sa **hilaga**:

Una, gumuhit ng isang tatsulok; simulan ang guhit sa kaliwang paa ng tatsulok tungo sa tuktok nito. Ikalawa, gumuhit ng baligtad na tatsulok sa ibabaw ng unang tatsulok; simulan ang guhit sa ibabaw ng paa sa kanan ng tatsulok tungo sa puwit nito.

Mga Orasyon para sa Ritwal ng Gitnang Haligi[21]

Ang ritwal na ito ay lumilikha ng sapat na lakas na gagamitin sa obra magica.

Hawakan ang **Punyal** sa kanang kamay.

Tumayo sa silangang panig ng **bilog** at humarap doon.

Pumikit. Isaisip na marahan kang tumatangkad. Lampasan mo ang kisame, ang bubong at ang kalangitan hanggang sa ang mundo ay magmistulang munting bola na lamang sa iyong paanan.

Isaisip at pakiramdaman na ikaw ay nasa kalagitnaan ng buong sansinukuban.

Tumingala at pagmasdan ang isang bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo.

Huminga ng malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang Ngalang

EHEIEH

[21] Ayon sa Qabbala, ang bawat tao ay isang Gitnang Haligi pagkat lagi siyang "nasa pagitan" ng Haliging Puti at Haliging Itim, o ng mga katangiang baligtaran.

Pakiramdaman ang pagtindi ng puting liwanag.

Ulitin nang makatlo ang paghinga ng malalim at ang pagkanta sa ngalang *EHEIEH*. Patindihin pa ang puting liwanag sa bola hanggang ito ay magparang munting nagsisiklab na araw sa ibabaw ng iyong ulo.

Huminga ng malalim at ituon ang **Punyal** sa liwanag. Sa pamamagitan ng **Punyal** ay hilahing pababa ang liwanag. Ituon ang **Punyal** sa sentro ng iyong noo. Pakiramdaman ang pagbuhos ng puting liwanag sa loob ng iyong ulo tungo sa iyong lalamunan, kung saan mayroong isang bola ng lavender na liwanag na umuugnay sa bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo sa pamamagitan ng agos ng puting liwanag.

Ipagpatuloy ang paghinga ng malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang Ngalang

YOD HEH VAV HEH ELOHIM

Ulitin nang makatlo ang paghinga ng malalim at ang pagkanta sa ngalang *YOD HEH VAV HEH ELOHIM*. Patindihin pa ang lavender na liwanag sa bola hanggang ito ay magparang munting nagsisiklab na araw sa iyong lalamunan.

Huminga ng malalim at ituon ang **Punyal** sa bola ng lavender na liwanag. Sa pamamagitan ng **Punyal** ay hilahing pababa ang agos ng puting liwanag. Pakiramdaman ang pagbuhos ng puting liwanag mula sa iyong lalamunan tungo sa gitna ng iyong dibdib, kung saan mayroong isang bola ng gintong liwanag na umuugnay sa bola ng lavender na liwanag sa iyong lalamunan at sa bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo sa pamamagitan ng agos ng puting liwanag.

Ipagpatuloy ang paghinga ng malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang Ngalang

YOD HEH VAV HEH ELOAH VEDAATH

Ulitin nang makatlo ang paghinga ng malalim at ang pagkanta sa ngalang *YOD HEH VAV HEH ELOAH VEDAATH*. Patindihin pa ang gintong liwanag sa bola hanggang ito ay magparang munting nagsisiklab na araw sa iyong dibdib.

Huminga ng malalim at ituon ang **Punyal** sa bola ng gintong liwanag. Sa pamamagitan ng **Punyal** ay hilahing pababa ang agos ng puting liwanag.

Pakiramdaman ang pagbuhos ng puting liwanag mula sa iyong dibdib tungo sa gitna ng iyong ari, kung saan mayroong isang bola ng biyoletang liwanag na umuugnay sa bola ng gintong liwanag sa iyong dibdib, sa bola ng lavender na liwanag sa iyong lalamunan at sa bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo sa pamamagitan ng agos ng puting liwanag.

Ipagpatuloy ang paghinga ng malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang Ngalang

SHADDAI EL CHAI

Ulitin nang makatlo ang paghinga ng malalim at ang pagkanta sa ngalang *SHADDAI EL CHAI*. Patindihin pa ang biyoletang liwanag sa bola hanggang ito ay magparang munting nagsisiklab na araw sa iyong ari.

Huminga ng malalim at ituon ang **Punyal** sa bola ng biyoletang liwanag. Sa pamamagitan ng **Punyal** ay hilahing pababa ang agos ng puting liwanag. Pakiramdaman ang pagbuhos ng puting liwanag mula sa iyong ari tungo sa pagitan ng iyong mga paa, kung saan mayroong isang bolang itim na tumitibok at kalahating nakabaon sa lapag; ito ay umuugnay sa bola ng biyoletang liwanag sa iyong ari, sa bola ng gintong liwanag sa iyong dibdib, sa bola ng lavender na liwanag sa iyong lalamunan at sa bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo sa pamamagitan ng agos ng puting liwanag.

Ipagpatuloy ang paghinga ng malalim. Sa paglabas ng hininga ay kantahin ang Ngalang

ADONAI HA ARETZ

Ulitin nang makatlo ang paghinga ng malalim at ang pagkanta sa ngalang *ADONAI HA ARETZ*. Patindihin pa ang pagtibok ng itim na bola. Pakiramdamang maigi ang lakas na nagmumula sa itim na bola.

Ipagpatuloy ang paghinga ng malalim samantalang isinasaisip ang **Haligi** ng liwanag sa loob ng katawan: ang limang bola, ang kani-kanilang mga kulay at ang agos ng puting liwanag na umuugnay sa kanilang lahat.

A. *Ang Pagpapaputok sa Lakas*

Ipagpatuloy ang paghinga ng malalim.

Sa pagpasok ng hininga, isaisip at pakiramdaman ang pag-akyat ng lakas mula sa itim na bola sa iyong paanan tungo sa bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo.

Sa paglabas ng hininga, isaisip at pakiramdaman ang pagputok ng lakas sa bola ng puting liwanag sa ibabaw ng iyong ulo, ang pagbuhos nitong lakas sa paligid ng iyong katawan at ang muling pagpasok nito sa itim na bola sa iyong paanan.

Ulitin nang makasiyam.

Sa pagsasagawa ng **Pagpapaputok sa Lakas** ay tiyak mong mararamdaman ang pagkilos ng matinding lakas sa loob ng iyong katawan at sa paligid nito. Ang lakas na ito ay maibabahagi mo sa isang tao, bagay o lunan kung ibig mo: sa pagpasok ng hininga ay paakyatin ang lakas sa iyong dibdib at palagusin ito sa iyong mga braso, kamay, palad at daliri tungo sa sinumang tao o anumang bagay o lunan.

Bilang pantapos, ipagpatuloy ang paghinga ng malalim. Sa bawat paglabas ng hininga ay isaisip ang unti-unting paninimdim ng **Gitnang Haligi** sa loob ng iyong katawan. Bagamat tuluyang mawawala ito sa iyong kaisipan, mananatili sa iyo ang nalikha mong lakas.

Bilang paghahanda sa Seremonya ng Panawagan sa Isang Espiritung Mataas Ang Katungkulan, marapat na humingi ng tulong sa mga gabay ng liwanag at sa mga anghel na bantay ng Apat na Tore ng Sansinukuban sa pamamagitan ng—

Ritwal ng Pagbukas sa Krus na Daan Tungo sa Apat na Tore ng Sansinukuban

A. *Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban*

PAGHAHANDA:

Iayos ang isang lugar na magsisilbing **templo**.

Gumuhit ng **puting bilog** sa lapag sa pamamagitan ng **pisi at yeso**.[22] Kung isang tao lamang ang magsasagawa ng ritwal, ang pinakamaikling diyametro ng **bilog** ay **6** o **9 piye**; kung higit sa isang tao, **12** o **15 piye**.

Itirik ang **altar**[23] sa gitna ng **bilog**.

Itayo o isabit sa hilaga ang **Lapida ng Elementong Lupa**, sa silangan ang **Lapida ng Elementong Himpapawid**, sa timog ang **Lapida ng Elementong Apoy** at sa kanluran ang **Lapida ng Elementong Tubig**.[24]

Ipatong sa gitna ng **altar** ang **Lapida ng Pagbuklod**.[25]

Ipatong sa **altar** ang mga sumusunod na kasangkapan ayon sa kinauukulan nitong mga elemento at direksiyon: ang **Pentakulo** sa hilaga, ang **Punyal** sa silangan, ang **Baton ng Elementong Apoy** sa timog at ang **Kopa** sa kanluran.[26]

---

[22]Noong unang panahon ay yeso ang ginagamit sa pagguhit ng bilog sa magica cantada. Datapwat, sa kasalukuyan, maaaring lumikha ng **puting bilog** sa anumang paraan.

[23]Ang **altar** na ito na siyang ginagamit sa magica cantada ay binubuo ng labindalawang parisukat.

[24]Ang apat na **Lapida** ay mga kasangkapang kumakatawan sa mga **Elementong Lupa, Himpapawid, Apoy** at **Tubig**. Isinasabit o itinatayo ang mga **Lapida** sa mga dingding ng **templo** at sa labas at paligid ng **bilog** bilang mga tanda sa mga direksiyong hilaga, silangan, timog at kanluran.

[25]Ang **Lapida ng Pagbuklod** ay ang kasangkapang umuugnay o "bumubuklod" sa mga tinataglay na lakas ng apat na Elemento. Ito ay ipinapatong sa **altar**, sa gitna ng **bilog**. Sa ganitong paraan, ang agos ng lakas na nagmumula sa apat na **Lapida ng mga Elemento** sa mga dingding ng templo at nagsasalubong sa **Lapida ng Pagbuklod** sa **altar** ay naghuhugis-krus-na-daan.

[26]Ang **Pentakulo**, ang **Punyal**, ang **Baton ng Elementong Apoy** at ang **Kopa** ay pawang mga pangunahing kasangkapan na kumakatawan sa apat na Elemento sa magica cantada.

Ipatong sa **altar**, sa gawing timog-kanluran, ang **Punyal**.

Ipatong sa **altar**, sa gawing hilaga-kanluran, ang **Baton ng Lotus**.

Ipatong sa **altar**, sa gawing silangan at sa pagitan ng **Lapida ng Pagbuklod** at ng **Punyal**, ang **kampanilya**.[27]

Tumayo sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Patunugin nang makatlo ang **kampanilya**.

Magtungo sa hilaga-silangang panig ng **bilog**.

Kantahin nang **malakas at pautos** ang **Pagtaboy Sa Mga Maligno**, bilang hudyat na magsisimula ang ritwal:

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo**. Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag**.

Maglakad sa **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise,



at tumigil sa timog na panig ng **altar**.

[27]Ginagamit ang **kampanilya** sa magica cantada bilang pang-hudyat sa simula o katapusan ng isang bahagi ng isang ritwal.

Damputin at itaas ang **Baton ng Elementong Apoy**.

Humarap sa **Lapida ng Elementong Apoy** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy**.

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa lalim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa timog na panig ng **altar**. Humarap sa **Lapida ng Elementong Apoy** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy**.

Ipangguhit sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

OIP TEAA PEDOCE

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **tatak ng Leo**. Ituon ang dulo ng **Baton ng Elementong Apoy** sa gitna ng **Pampalapit na Pentagramo** at kantahin ang Ngalang

ELOHIM

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Timog,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Timog!

Ipatong ang **Baton ng Elementong Apoy** sa **altar**.

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar**.

Itaas ang **Kopa.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Tubig** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Kopa.**

Itaas ang **Kopa** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kayat una sa lahat,
ang magong tagapamahala
ng mga himalang Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa umuugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanlurang panig ng **altar.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Tubig** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Kopa.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Kopa** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

MPH ARSEL GAIOL

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **ulo ng agila.** Ilapit ang **Kopa** sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

ALEPH LAMED AL

Itaas ang **Kopa** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Kanluran,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Kanluran!

Ipatong ang **Kopa** sa **altar.**

Magtungo sa silangang panig ng **altar.**

Itaas ang **Punyal.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Himpapawid** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Punyal.**

Itaas ang **Punyal** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

May Apoy na lumulusong
sa lumulusong na Himpapawid.
Apoy na walang hugis
at nagbibigay-hugis sa tinig.
Liwanag na nakasisilaw,
dumadduyong,
lumalaganap,
humihiyaw.

Magbalik sa silangang panig ng **altar.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Himpapawid** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Punyal.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Punyal** ng isang malaki at asul na **Pamr alapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

ORO IBAH AOZPI

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **tatak ng Aquarius.** Ituon ang dulo ng **Punyal** sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

YOD HEH VAV HEH

Itaas ang **Punyal** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Silangan,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Silangan!

Ipatong ang **Punyal** sa **altar.**

Magtungo sa hilagang panig ng **altar.**

Itaas ang **Pentakulo.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Lupa** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Pentakulo.**

Muling itaas ang **Pentakulo** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

Yumukod at pagmasdan
ang kaharian ng dilim,
ang malalim na balon
ng mga itinakwil,
ang himlayan ni Hades
na balot man sa lumbay
ay kasiyahang panoorin
ang di-matantong pangitain.
Ang daan tungo ro'n ay matarik,
paliguy-ligoy,
papanaog
at walang pinatutunguhan,
walang panginoring natatanaw,
walang tiyak na kapaligiran,
walang kawawaan.

Magbalik sa hilagang panig ng **altar.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Lupa** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Pentakulo.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Pentakulo** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

EMOR DIAL HECTEGA

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **tatak ng Taurus.** Ilapit dito ang **Pentakulo** samantalang kinakanta ang Ngalang

ADONAI

Itaas ang **Pentakulo** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Hilaga,

tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Hilaga!

Ipatong ang **Pentakulo** sa **altar.**

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan.

Isagawa sa ibabaw ng **Lapida ng Pagbuklod** ang **Paghawi sa Lambong:**

1) Ihakbang nang pasulong ang kaliwang paa nang minsan. Iunat paharap ang mga braso at kamay na magkaharap ang palad. Ipaghawi ang mga braso at kamay.
2) Bigkasin at kantahin ang sumusunod—

Ol Sonuf Vaorsagi Goho Iada Balta.
ELEXARPEH COMANANU TABITOM.
Zodakara Eka Zodakare Od Zodameranu.
Odo Kikle Qaa Piap Piamoel Od Vaoan.

Pagbigkas:

"O-el So-nuf Ve-o-er-sa-ji Go-ho I-a-da Bal-ta.
EL-EX-AR-PE-HE CO-MA-NA-NU TA-BI-TO-EM.
Zod-a-ka-ra E-ka Zod-a-ka-re O-da Zod-amer-a-nu.
O-do Ki-kle ka-a Pi-a-pe pi-a-mo-el O-da Ve-o-a-nu."

Sa salitang Enochian,
"Pinamumunuan ko kayo, ang Diyos ng Katarungan.
(Tatlong mahiwagang ngalan ang kasunod.)
Kaya't kumilos ngayon at magsilitaw.
Bigkasin n'yo ang mga salitang susi sa mga misteryo ng Pagkapal:
kaganapan, kabutihan, katotohanan."

Tinatawag ko kayong mga anghel
sa lahat ng Kalangitan
na ang tahanan ay di maaninag
ng aking (aming) paningin.
Kayong mga bantay
sa mga harang ng daan sa Sansinukuban
ay magbantay rin
sa aking (aming) mistikal na lunan.
Ilayo n'yo sa akin (amin)
ang lahat ng kasamaan

at ang labis na makabibigat o makagagaan
sa aking (aming) timbangan.
Bigyan n'yo ako (kami)
ng lakas at dunong
nang panatilihing dalisay
itong sisidlan ng mga misteryo
ng Kataastaasan.
Dulutan n'yo ng linis at kabanalan
upang patuluyin ako (kami) sa tamang daan
at makabahagi sa mga lihim ng Sansinukuban
at sa maka-Diyos na Liwanag.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilaga-silangang panig ng **bilog**.

Humarap sa direksiyong hilaga-silangan at bigkasin ang sumusunod:

Ang Araw na maliwanag
ay Ilaw sa Lupa.
Pahintulutan akong (kaming) magbukas dito ng pintuan
upang ang di maaninag na Araw ng Espiritu
ang siyang sumikat sa akin (amin) mula sa itaas.

Lumikha ng isang **uli-uli ng lakas** sa pamamagitan ng sumusunod:

Bagtasing makatlo ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise. Tuwing magdaraan sa silangang panig ng **bilog** ay isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** sa direksiyong pinatutunguhan.

Magbalik sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa silangang panig ng bilog. Pakiramdaman ang nalikhang **uli-uli ng lakas**.

Isagawa ang:

1. Ritwal ng Pagpugay

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
Panginoon ng Sansinukuban.

Muling isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
at di lalang ng Kalikasan.

Muling isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
walang hanggan
at lubos na makapangyarihan,
Panginoon ng Liwanag at ng Dilim.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang panig ng **bilog**.

Bilang pantapos ay bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyo,
tanging madunong,
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,
papuri at luwalhati magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming) tumayo
nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan,
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa akin (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiisig sa mga banal.

B. *Mga Orasyon*
Para Sa Ritwal ng Pagsara sa Krus na Daan
Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban

Bagtasin nang makatlo ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.

Pagdaan sa silangang panig ng **bilog** ay isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.

Pakiramdaman ang unti-unting paglaho ng **uli-uli ng lakas** sa loob ng **bilog**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo**.

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Pinalalaya ko ngayon
ang mga naparam nitong seremonya.
Humayong mapayapa
sa kinauukulang mga larangan,
taglay ang mga biyaya
at ang kabutihang-loob
ni YEHESHUAH YEHOVASHAH.

Magtungo sa **altar**.

Damputin ang **kampanilya** at patunugin nang makatlo. Bigkasin ang sumusunod:

Ang templong ito ay sarado na.

Mga Panibagong Orasyon para sa mga Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa mga Kasangkapan

Mga Orasyon para sa Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Baton ng Lotus

Ihanda ang **templo** at ang **bilog**. Ipalibot sa **bilog** ang **labindalawang tatak ng mga signos ng zodiac** ayon sa pagkakatuwang ng mga ito sa oras ng pagsasagawa sa ritwal.

Ihanda ang **altar**. Ipatong sa gitna ng **altar** ang **Tatsulok na Puti** at ang **Krus na Pula**. Ipatong sa gawing silangan ng **altar** ang **insensaryo** at ang **rosas** na nasa **lalagyang may sariwang tubig**. Ipatong sa gawing timog ng **altar** ang **Lampara**. Ipatong sa gawing kanluran ng **altar** ang **Kopa**. Ipatong sa gawing hilaga ng **altar** ang isang **platito ng asin**.

Ipatong sa **altar**, sa gawing timog-kanluran, ang **Punyal**.

Tumayo sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Sindihan ang **Lampara**.

Patunugin nang makatlo ang **kampanilya**.

Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa **bahaging itim** at kantahin ang sumusunod:

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pantaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**.

Magtungo sa kanlurang panig ng altar at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo**. Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag**.

Damputin ang **Kopa** sa kaliwang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at wisikan ito ng tubig samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kayat una sa lahat,
ang magong namumuno sa mga himalang Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Kopa** sa ibabaw ng **altar**.

Damputin ang **Lampara** sa kanang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at sa pamamagitan ng apoy ng **Lampara** ay guhitan ng liwanag ang **bilog** sa iyong palibot samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa ldim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Lampara** sa ibabaw ng altar.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**.

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**.

Isagawa ang **Pagpinid Sa Bibig**.

Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa bahaging puti. Bagtasin nang makatlo ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
Panginoon ng Sansinukuban.

Muling isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal
at di lalang ng Kalikasan.

Muling isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
walang hanggan
at lubos na makapangyarihan,
Panginoon ng Liwanag at ng Dilim.

Kasabay ng salitang "*Dilim*" ay isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Isagawa ang:

A. Mahabang Ritwal ng Pagpalapit Sa Pamamagitan ng Pentagramo

Sundin ang mga alituntunin sa pagsasagawa sa **Maikling Ritwal ng Pagpalapit Sa Pamamagitan ng Pentagramo** at sa paglikha sa himpapawid ng **mga guhit ng apoy na asul at apoy na puti**, maliban sa sumusunod na mga pagkakaiba:

Sa silangan—

Sa pamamagitan ng **Punyal** ay lumikha sa himpapawid ng **Matimbang at Aktibong Pentagramo ng Espiritu**. (Simulan ang guhit sa paa sa kanan ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kaliwa nito. Pagkatapos ay lumikha ng **ruwedang may walong rayas** sa gitna ng **Pentagramo**.)

Habang nililikha ang **Pentagramo** ay kantahin ang salitang

EXARP

Habang nililikha ang **ruweda** ay kantahin ang Ngalang

EHEIEH

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Lumikha sa himpapawid ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Himpapawid**. (Simulan ang guhit sa braso sa kanan ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kaliwa nito, pagkatapos ay lumikha ng **tatak ng Aquarius** sa gitna ng **Pentagramo**.)

Habang nililikha ang **Pentagramo** ay kantahin ang mga salitang

ORO IBAH AOZPI

Habang nililikha ang **tatak ng Aquarius** ay kantahin ang Ngalang

YHVH

Isagawa ang **Saludo ng Theoricus**: Iunat paharap ang mga braso. Tikluping paitaas ang mga kamay. Iliyad ang mga palad at ituon sa kalangitan.

Sa timog—

Lumikha ng **Matimbang at Aktibong Pentagramo ng Espiritu**. (Simulan ang guhit sa paa sa kanan ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kaliwa nito. Pagkatapos ay lumikha ng **ruwedang may walong rayas** sa gitna ng **Pentagramo**.)

Habang nililikha ang **Pentagramo** ay kantahin ang salitang

BITOM

Habang nililikha ang **ruweda** ay kantahin ang Ngalang

EHEIEH

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan**.

Lumikha sa himpapawid ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Apoy**. (Simulan ang guhit sa tuktok ng **Pentagramo** tungo sa paa sa kaliwa nito. Pagkatapos ay lumikha ng **tatak ng Leo** sa gitna ng **Pentagramo**.)

Habang nililikha ang **Pentagramo** ay kantahin ang mga salitang

OIP TEAA PEDOCE

Habang nililikha ang **tatak ng Leo** ay kantahin ang Ngalang

ELOHIM

Isagawa ang **Saludo ng Philosophus**: Ituwid at ipagdikit ang mga daliri ng kamay maliban sa mga hinlalaki, na kapwa ibuka. Ipagtapat ang dulo ng mga hintuturo at ang dulo ng mga hinlalaki sa isa't isa upang lumikha ng hugis-tatsulok. Ilapat ang tatsulok sa gitna ng noo.

Sa kanluran—

Lumikha ng **Matimbang at Pasibong Pentagramo ng Espiritu.** (Simulan ang guhit sa paa sa kaliwa ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kanan nito. Pagkatapos ay lumikha ng **ruwedang may walong rayas** sa gitna ng **Pentagramo.**)

Habang nililikha ang **Pentagramo** ay kantahin ang salitang

HCOMA

Habang nililikha ang **ruweda** ay kantahin ang Ngalang

AGLA

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan.**

Lumikha sa himpapawid ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Tubig.** (Simulan ang guhit sa tuktok ng **Pentagramo** tungo sa paa sa kaliwa nito. Pagkatapos ay lumikha ng **ulo ng agila** sa gitna ng **Pentagramo.**)

Habang nililikha ang **Pentagramo** ay kantahin ang mga salitang

EMPEH ARSEL GAIOL

Habang nililikha ang **ulo ng agila** ay kantahin ang Ngalang

EL

Isagawa ang **Saludo ng Practicus:** Ituwid at ipagdikit ang mga daliri ng kamay maliban sa mga hinlalaki, na kapwa ibuka. Ipagtapat ang dulo ng mga hintuturo at ang dulo ng mga hinlalaki sa isa't isa upang lumikha ng hugis-tatsulok. Ilapat ang tatsulok nang pabaligtad sa gitna ng puson.

Sa hilaga—

Lumikha ng **Matimbang at Pasibong Pentagramo ng Espiritu.** (Simulan ang guhit sa paa sa kaliwa ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kanan nito. Pagkatapos ay lumikha ng **ruwedang may walong rayas** sa gitna ng **Pentagramo.**)

Habang nililikha ang **Pentagramo** ay kantahin ang salitang

NANTA

Habang nililikha ang **ruweda** ay kantahin ang Ngalang

AGLA

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan.**

Lumikha sa himpapawid ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Lupa.** (Simulan ang guhit sa tuktok ng **Pentagramo** tungo sa paa sa kaliwa nito. Pagkatapos ay lumikha ng **tatak ng Taurus** sa gitna ng **Pentagramo.**)

Habang nililikha ang **Pentagramo** ay kantahin ang mga salitang

EMOR DIAL HECTEGA

Habang nililikha ang **tatak ng Taurus** ay kantahin ang Ngalang

ADONAI

Isagawa ang **Saludo ng Zelator:** Tumayo nang matuwid at itaas nang palihis ang kanang braso at kamay na ang palad ay nakatuon sa lapag.

Pantapos—

Magbalik sa silangan at isagawa ang **Panawagan sa Apat na Arkanghel.**

Isagawa ang **Krus ng Qabbala.**

Manatili sa **silangang** gilid ng **bilog.** Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa bahaging **puti.**

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan.**

Tumingala at itaas ang **Baton ng Lotus.** Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

HARPOCRATES,
Prinsipe ng Katahimikan,

ang bulaklak ng lotus
ay ang iyong luklukan.

Dalawampu't anim ang talulot
sa ulo ng baton,
tulad ng mga titik
sa Ngalan ng Maykapal.

Sa Ngalan ng Diyos
na YOD HEH VAV HEH,
pasikatin ang Liwanag ng Kataastaasan!

Isagawa ang:

B. Panawagan sa Mga Tatak ng Zodiac

Tumayo at humarap sa **labindalawang tatak ng zodiac**. Magsimula sa **tatak ng Aries** at magpatuloy sa **bilog**, sa direksiyong pakaliwa, o clockwise. Sa kanang kamay, hawakan ang **Baton ng Lotus** sa bahaging may **kulay na katuwang ng tatak ng zodiac** na kaharap. Sa kaliwang kamay, hawakan ang kinauukulang **Kasangkapan ng Elemento** sa **tatak ng zodiac** na kaharap.

Isagawa ang sumusunod na panawagan. Habang binibigkas ang bawat panawagan ay iguhit sa himpapawid, sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus**, ang kinauukulang **tatak ng zodiac**.

Ang unang halimbawa ay para sa **Aries**. Bigkasin:

Nasa ibabaw ang Langit,
ang Lupa, sa ilalim.
Nagniningning ang mga kulay
sa pagitan ng Liwanag at ng Dilim.
Manaog, lakas at puwersang namumuno
sa mga Katangian,
sa Lunan at sa Kapangyarihan ng **Aries**,

Taurus,
Gemini,
Cancer,
Leo,
Virgo,

Libra,
Scorpio,
Sagittarius,
Capricorn,
Aquarius,
Pisces,

sa pamamagitan ng Sukdulang Kakayanan
ng Ngalan ng Diyos na YOD HEH HAV HEH,
at ng sinaunang wika't sulat na ang tinataglay
ay ang titik na *(Aries:)* **HEH**,

(Taurus:) **VAV**,
(Gemini:) **ZAYIN**,
(Cancer:) **CHETH**,
(Leo:) **TETH**,
(Virgo:) **YOD**,
(Libra:) **LAMED**,
(Scorpio:) **NUN**,
(Sagittarius:) **SAMECH**,
(Capricorn:) **AYIN**,
(Aquarius:) **TZADDI**,
(Pisces:) **QOPH**,

at ng arkanghel na si *(Aries:)* **MELCHIDAEL**,

(Taurus:) **ASMODEL**
(Gemini:) **AMBRIEL**,
(Cancer:) **MURIEL**,
(Leo:) **VERCHIEL**,
(Virgo:) **HAMALIEL**,
(Libra:) **ZURIEL**
(Scorpio:) **BARCHIEL**,
(Sagittarius:) **ADVACHIEL**,
(Capricorn:) **HANAEL**,
(Aquarius:) **CAMBRIEL**,
(Pisces:) **AMNITZIEL**.

sa mismong araw at oras
ay idulot ang mahiwaga at makapangyarihang bisa
sa bahaging *(Aries:)* **pula**

(Taurus:) **pula at kahel**
(Gemini:) **kahel**
(Cancer:) **dilaw at kahel**
(Leo:) **dilaw**
(Virgo:) **dilaw at berde**
(Libra:) **berde**
(Scorpio:) **asul at berde**
(Sagittarius:) **asul**
(Capricorn:) **indigo**
(Aquarius:) **biyoleta**
(Pisces:) **biyoleta at pula**

nitong Baton ng Lotus,
na aking itinatalaga
sa Kalinisan,
sa Katotohanan
at sa pagsasagawa sa Mabuting Magica.
Sa aking paghawak,
nawa'y dulutan din ako
ng lakas at ng kapangyarihan
ng **Aries**

Taurus
Gemini
Cancer
Leo
Virgo
Libra
Scorpio
Sagittarius
Capricorn
Aquarius
Pisces

at ng lahat-lahat na birtud na kaniyang kaugnay.

Magbalik sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa silangan. Ituon ang **Baton ng Lotus** sa silangan bago ito ipatong sa **altar**.

Itaas ang dalawang kamay at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

ISIS!
Diyosa ng mga Puwersa ng Kalikasan,

manaog
at dulutan ng bisa itong Baton,
upang sa pamamagitan ng kapangyarihan mo
ay magsilbing kasangkapan
sa pagsasagawa ng Mabuting Magica.

Ibalot ang **Baton ng Lotus** sa telang seda o linen.

Patunugin nang makatlo ang **kampanilya**.

Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa **bahaging itim** at kantahin nang **malakas at pautos** ang **Pagtaboy sa Mga Maligno**:

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pantaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**: Magtungo sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo**. Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag**.

Muling damputin ang **Kopa** sa kaliwang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at wisikan ito ng tubig samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kaya't una sa lahat,
ang magong namumuno
sa mga himalang Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Kopa** sa ibabaw ng altar.

Muling damputin ang **Lampara** sa kanang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at sa pamamagitan ng apoy ng **Lampara** ay guhitan ng liwanag ang **bilog** sa iyong palibot samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa lalim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Lampara** sa ibabaw ng altar.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig.**

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Pinalalaya ko ngayon
ang mga naparam nitong seremonya.
Humayong mapayapa
sa kinauukulang mga larangan,
taglay ang mga biyaya
at ang kabutihang-loob
ni YEHESHUAH YEHOVASHAH.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Espada

Paghahanda:

Ihanda ang **templo** at ang **bilog.**

Itayo o isabit sa hilaga ang **Lapida ng Elementong Lupa,** sa silangan ang **Lapida ng Elementong Himpapawid,** sa timog ang **Lapida ng Elementong Apoy** at sa kanluran ang **Lapida ng Elementong Tubig.**

Ihanda ang **altar.**

Ipatong sa gitna ng **altar** ang **Lapida ng Pagbuklod.**

Ipatong sa **altar** ang mga sumusunod na kasangkapan ayon sa kinauukulan nitong mga elemento at direksiyon: ang **Pentakulo** sa hilaga, ang **Punyal** sa silangan, ang **Baton ng Elementong Apoy** sa timog at ang **Kopa** sa kanluran.

Ipatong sa **altar,** sa gawing timog-kanluran, ang **Punyal.**

Ipatong sa **altar,** sa gawing hilaga-kanluran, ang **Baton ng Lotus.**

Ipatong sa **altar,** sa gawing silangan at sa pagitan ng **Lapida ng Pagbuklod** at ng **Punyal,** ang **kampanilya.**

Ipatong sa **altar,** sa gawing hilaga-silangan, ang **Espada.**

Ipatong sa **altar,** sa gawing timog-silangan, ang isang **kandelerong** may **kandilang puti.**

Ipatong sa **altar,** sa gawing kanluran at sa pagitan ng **Lapida ng Pagbuklod** at ng **Kopa,** ang isang **mangkok ng tubig.**

Sindihan ang **kandila.**

Patunugin nang makatlo ang **kampanilya.**

Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa **bahaging itim** at kantahin nang **malakas at pautos** ang **Pagtaboy sa Mga Maligno:**

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pantaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo**. Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag**.

Damputin ang **Kopa** sa kaliwang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at wisikan ito ng tubig samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kaya't una sa lahat,
ang magong namumuno sa mga himalang Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Kopa** sa ibabaw ng altar.

Damputin ang **kandelero** sa kanang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at sa pamamagitan ng apoy ng **kandila** ay guhitan ng liwanag ang **bilog** sa iyong palibot samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa lalim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **kandelero** sa ibabaw ng **altar**.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilaga-silangang panig ng **bilog**.

Humarap sa direksiyong hilaga-silangan at bigkasin ang sumusunod:

Ang Araw na maliwanag
ay Ilaw sa Lupa.
Pahintulutan akong (kaming) magbukas dito ng pintuan
upang ang di maaninag na Araw ng Espiritu
ang siyang sumikat sa akin (amin) mula sa itaas.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**.

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay,** tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig.**

Isagawa ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag.** Tiklupin ang mga braso at kamay sa gitna ng dibdib upang ang mga ito ay muling maghugis-titik na "X". Pakiramdaman ang pagbuhos ng **puting liwanag**—hindi sa iyong ulo at buong katawan kundi sa **Espada** hanggang ang **Espada** ay magningning.

Iunat paharap ang mga braso at kamay at ituon ang mga palad sa **Espada**, na nasa ibabaw ng **altar**. Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Kabanalbanalang
EHEIEH,
basbasan N'yo,
tanggapin at dulutan ng bisa
itong Espada
nang tamuhin ang nauukol na kapangyarihan
na sa Inyo nanggagaling.
Kabanalbanalang
EHEIEH,
ang Inyong Kaharian
ay tunay na Walang Katapusan.

Damputin ang **Espada** sa dalawang kamay at itaas ito sa kalangitan. Tumingala at bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyong paninilbihan ko (namin) iniaalay
itong Espada,
walang hanggan
at lubos na makapangyarihang Panginoon.
Tanggapin N'yo sana
at ituring na mabisang kasangkapan
na tuwing aking (aming) gagamitin
ay ikatutungo ko (namin) sa Liwanag.

Ibaba at kandungin ang **Espada**. Isagawa ang ritwal ng **Gitnang Haligi**. Sa pagsasagawa ng **Pagpapaputok** ay ihagis mo ang lakas na nasa **Espada** sa iyong kandungan: sa pagpasok ng iyong hininga ay paakyatin mo ang lakas sa iyong dibdib at palagusin mo ito sa iyong mga braso, kamay,

palad at daliri tungo sa **Espada**. Sa paglabas ng iyong hininga ay bigkasin ang sumusunod:

Dinudulutan ko ng bisa
itong Espada
upang maging mahusay na kasangkapan
sa aking (aming) magica
at patotohanin ang lahat ng aking (aming) mabuting layunin.
Amen.

Ulitin nang makasiyam ang huling ibinigkas, at pakiramdaman ang pagsanib ng iyong lakas sa **Espada**.

Isaisip na ang **Espada** at ikaw ay nababalot ng **puting liwanag**.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang gilid ng **bilog**.

Bilang pantapos ay bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyo,
tanging madunong.
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,
papuri at luwalhati
magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming) tumayo
nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan.
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa akin (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiniig sa mga banal.

Isagawa ang ritwal ng **Pagsara sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**.

Ibalot ang **Espada** sa telang seda na puti o itim, at huwag itong ipahawak kaninuman.

Mga Orasyon Para Sa Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Punyal

Tulad ng pagdulot ng bisa sa **Espada**. Ihalili lamang ang salitang *"Punyal"* sa salitang *"Espada"*.

Mga Orasyon Para Sa Mga Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Mga Kasangkapan ng Mga Elementong Apoy, Tubig, Himpapawid at Lupa

Ihanda ang **templo**, **bilog** at **altar**, tulad ng sa **Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Espada**.

Ang **kandilang puti** ay maaaring halinhan ng **kandilang pula**.

A. Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Baton (ng Elementong Apoy)

Sindihan ang **kandila**.

Patunugin nang makatlo ang **kampanilya**.

Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa **bahaging itim** at kantahin nang **malakas at pautos** ang **Pagtaboy sa Mga Maligno**:

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pantaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Magtungo sa kanlurang panig ng altar at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.** Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag.**

Damputin ang **Kopa** sa kaliwang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at wisikan ito ng tubig samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kayat una sa lahat,
ang magong namumuno
sa mga himalang Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Kopa** sa ibabaw ng altar.

Damputin ang **kandelero** sa kanang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise. Sa pamamagitan ng apoy ng **kandila** ay guhitan ang **bilog** ng liwanag **ng puting apoy sa himpapawid** samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa ldim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **kandelero** sa ibabaw ng **altar.**

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilaga-silangang gilid ng **bilog.**

Humarap sa direksiyong hilaga-silangan at bigkasin ang sumusunod:

Ang Araw na maliwanag
ay Ilaw sa Lupa.
Pahintulutan akong (kaming) magbukas dito ng pintuan
upang ang di maaninag na Araw ng Espiritu
ang siyang sumikat sa akin (amin) mula sa itaas.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas,** tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay,** tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas Sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig.**

Damputin ang **Baton ng Lotus** sa kanang kamay at ang **Baton ng Elementong Apoy** sa kaliwang kamay.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa timog na gilid ng **bilog.**

Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay iguhit sa himpapawid, sa ibabaw ng **Baton ng Elementong Apoy,** ang isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Apoy.** (Simulan ang guhit sa tuktok ng **Pentagramo** tungo sa paa sa kanan nito.)

Sa pamamagitan din ng **Baton ng Lotus** ay iguhit sa himpapawid, sa ibabaw ng **Baton ng Elementong Apoy,** ang mga titik na Ebreo ng mga pangalan sa sumusunod:

Panginoon ng Buhay na Walang Katapusan,
lumalang sa tanan
at nagbihis ng Kalikasan,
sa pamamagitan ng banal at maka-Diyos N'yong Ngalan
na ELOHIM,
na kinikilala sa Korte
ng DAROM,
dulutan kami ng nauukol na lakas at dunong
sa aking (aming) mga gawain at pananaliksik
sa Lihim na Liwanag at Karunungan.
Maging gabay sa aking (aming) paglalakbay
ang Inyong nakamamanghang Arkanghel

na si MICHAEL,
na siyang namumuno
sa lahat ng Himalang Apoy.
Maging bantay sa aking (aming) bawat hakbang
ang Inyong Anghel
na si ARAL.

Patibayin ng nakapangyayaring Prinsipe
SERAPH
na tagapamahala ng Apoy
ang mahiwagang puwersa
at mga mistikal na katangian
nitong Baton ng Elementong Apoy,
sa pahintulot ng makapangyarihang Diyos
ELOHIM,
nang maging mabisang kasangkapan
sa magica na aking (aming) gaganapin.

Magbalik sa **altar**. Ipatong ang **Baton ng Lotus** sa **altar**.

Damputin ang **Espada** sa kanang kamay.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa timog na gilid ng **bilog**.

Sa pamamagitan ng **Espada** ay iguhit sa himpapawid ang **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Apoy** sa ibabaw ng **Baton ng Elementong Apoy**.

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Sa pamamagitan ng Tatlo,
Dakila,
Lihim
at maka-Diyos na Pangalan
ng Panginoon
na itinitik sa mga bandila ng Timog,
OIP TEAA PEDOCE,
tinatawag ko Kayong Dakilang Hari ng Timog,
EDEL PERNAA.
Makibahagi sa aking (aming) ritwal,
nang sa Inyong pagdating
ay Inyong tanggapin

at gawaran ng bisa
ang aking (aming) Batong ng Elementong Apoy.
Handugan ito
ng karagdagang kapangyarihan at birtud
nang maging mahusay na kasangkapan
sa lahat ng himalang Apoy,
at nang aking (aming) magamit
bilang mabisang sandata
sa aking (aming) pakikipag-ugnay
sa mga Espiritu ng mga Elemento.

Mga Prinsipeng makapangyarihan
sa Korteng Timog,
tinatawag ko Kayo,
na aking (aming) kinikilala at iginagalang
sa mga pangalan at katungkulan
ng Mayores.
Dinggin ang mga kahilingan,
at mula sa sandaling ito
ay umabay Kayo sa akin (amin).
Handugan itong Baton ng Elementong Apoy
ng lakas at katunayan
ng Inyong mga Pagtuturo
sa mga Elementong sakop N'yo,
nang manatili sa mga hugis
at kulay
at pisikal na anyo
ang isinasagisag nitong mga hiwaga.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa timog na gilid ng **bilog**.

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

BZIZA,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Apoy
sa Elementong Apoy,
pagkalooban itong Baton
ng kapangyarihan ng Apoy
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Apoy
sa Elementong Apoy.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa kanlurang gilid ng **bilog**.

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

BANAA,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Tubig
sa Elementong Apoy,
pagkalooban itong Baton
ng kapangyarihan ng Apoy
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Tubig
sa Elementong Apoy.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa silangang gilid ng **bilog**.

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

BDOPA,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Himpapawid
sa Elementong Apoy,
pagkalooban itong Baton
ng kapangyarihan ng Apoy
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang Mga Espiritu ng Himpapawid
sa Elementong Apoy.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang gilid ng **bilog**.

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

BPSAC,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Lupa

THE UNIVERSITY OF FINANCE LIBRARIES

sa Elementong Apoy,
pagkalooban itong Baton
ng kapangyarihan ng Apoy
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Lupa
sa Elementong Apoy.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang gilid ng **bilog**.

Bilang pantapos ay bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyo,
tanging madunong,
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,
papuri at luwalhati magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming) tumayo
nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan,
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa aking (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiisa sa mga banal.

Isagawa ang **Pagsara sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**:

1) Bagtasin nang makatlo ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.

2) Pagdaan sa silangang panig ng **bilog** ay isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.

3) Pakiramdaman ang unti-unting paglaho ng **uli-uli ng lakas** sa loob ng **bilog**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo,** datapwat ang gagamitin ay ang **Baton ng Elementong Apoy** sa halip ng **Punyal,** at ang mga **Pantaboy na Pentagramong** lilikhain ay di yaong sa **Elementong Lupa** kundi sa **Elementong Apoy.** (Simulan ang guhit sa paa sa **kanan** ng **Pentagramo** tungo sa tuktok nito.)

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.**

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Pinalalaya ko ngayon
ang mga naparam nitong seremonya.
Humayong mapayapa
sa kinauukulang mga larangan,
taglay ang mga biyaya
at ang kabutihang-loob
ni YEHESHUAH YEHOVASHAH.

Magtungo sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan.

Pulutin ang **kampanilya** at patunugin nang makatlo. Bigkasin ang sumusunod:

Ang templong ito ay sarado na.

Ibalot ang **Baton ng Elementong Apoy** sa telang seda na pula, itim o puti, at huwag itong ipahawak kaninuman.

B. Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Kopa (ng Elementong Tubig)

Ihanda ang **templo,** ang **bilog** at ang **altar,** tulad ng sa **Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Espada.**

Sindihan ang **kandila.**

Patunugin nang makatlo ang **kampanilya.**

Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa **bahaging itim** at kantahin ang sumusunod:

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pantaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagtian ng Hexagramo.** Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag.**

Damputin ang **Kopa** sa kaliwang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at wisikan ito ng tubig samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kayat una sa lahat,
ang magong namumuno
sa mga himalang Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Kopa** sa ibabaw ng altar.

Damputin ang **kandelero** sa kanang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise. Sa pamamagitan ng apoy ng **kandila** ay guhitan ang **bilog** ng liwanag **ng puting apoy sa himpapawid** palibot samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa lalim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **kandelero** sa ibabaw ng **altar.**

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilaga-silangang panig ng **bilog**.

Humarap sa direksiyong hilaga-silangan at bigkasin ang sumusunod:

Ang Araw na maliwanag
ay Ilaw sa Lupa.
Pahintulutan akong (kaming) magbukas dito ng pintuan
upang ang di maaninag na Araw ng Espiritu
ang siyang sumikat sa akin (amin)
mula sa itaas.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Kunin ang **Baton ng Lotus** sa kanang kamay at ang **Kopa** sa kaliwang kamay.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa kanlurang gilid ng **bilog**.

Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay iguhit sa himpapawid, sa ibabaw ng **Kopa**, ang isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Tubig**. (Simulan ang guhit sa braso sa kaliwa ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kanan nito.)

Sa pamamagitan din ng **Baton ng Lotus** ay iguhit sa himpapawid, sa ibabaw ng **Kopa**, ang mga titik na Ebreo ng mga pangalan sa sumusunod:

Panginoon ng Buhay na Walang Katapusan,
lumalang sa tanan
at nagbihis ng Kalikasan,
sa pamamagitan ng banal at maka-Diyos N'yong Ngalan
na EL,
na kinikilala sa Korte
ng MEARAB,
dulutan kami ng nauukol na lakas at dunong

sa aking (aming) mga gawain at pananaliksik
sa Lihim na Liwanag at Karunungan.

Maging gabay sa aking (aming) paglalakbay
ang Inyong nakamamanghang Arkanghel
na si GABRIEL,
na siyang namumuno
sa lahat ng Himalang Tubig.
Maging bantay sa aking (aming) bawat hakbang
ang Inyong Anghel
na si TALIAHAD.

Patibayin ng nakapangyayaring Prinsipe
THARSIS
na tagapamahala ng Tubig
ang mahiwagang puwersa
at mga mistikal na katangian
nitong Kopa,
sa pahintulot ng makapangyarihang Diyos,
EL,
nang maging mabisang kasangkapan
sa magica na aking (aming) gaganapin.

Magbalik sa **altar**. Damputin ang **Espada** sa kanang kamay.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa kanlurang panig ng **bilog**.

Sa pamamagitan ng **Espada** ay iguhit sa himpapawid ang **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Tubig** sa ibabaw ng **Kopa**.

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Sa pamamagitan ng Tatlo,
Dakila,
Lihim
at maka-Diyos na Pangalan
ng Panginoon
na itinitik sa mga bandila ng Kanluran,
EMPEH ARSEL GAIOL,
tinatawag ko Kayong Dakilang Hari ng Kanluran,
RA AGIOSEL.

Makibahagi sa aking (aming) ritwal,
nang sa Inyong pagdating
ay Inyong tanggapin
at gawaran ng bisa
ang aking (aming) Kopa.
Handugan ito
ng karagdagang kapangyarihan at birtud
nang maging mahusay na kasangkapan
sa lahat ng Himalang Tubig,
at nang aking (aming) magamit
bilang mabisang sandata
sa aking (aming) pakikipag-ugnay
sa mga Espiritu ng mga Elemento.

Mga Prinsipeng Makapangyarihan
sa Korteng Kanluran,
tinatawag ko Kayo,
na aking (aming) kinikilala at iginagalang
sa mga pangalan at katungkulan
ng Mayores.
Dinggin ang mga kahilingan,
at mula sa sandaling ito
ay umabay Kayo sa akin (amin).
Handugan itong Kopa
ng lakas at katunayan
ng Inyong mga Pagtuturo
sa mga Elementong sakop N'yo,
nang manatili sa mga hugis
at kulay
at pisikal na anyo
ang isinasagisag nitong mga hiwaga.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa timog na panig ng **bilog.**

Itaas ang **Kopa** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

HNLRX,
Makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Apoy
sa Elementong Tubig,
pagkalooban itong Kopa
ng kapangyarihan ng Tubig

nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Apoy
sa Elementong Tubig.

Bagtasin **ang bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa kanlurang panig ng **bilog.**

Itaas ang **kopa** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

HTDIM,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Tubig
sa Elementong Tubig,
pagkalooban itong Kopa
ng kapangyarihan ng Tubig
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Tubig
sa Elementong Tubig.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa silangang panig ng **bilog.**

Itaas ang **Kopa** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

HTAAD,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Himpapawid
sa Elementong Tubig,
pagkalooban itong Kopa
ng kapangyarihan ng Tubig
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Himpapawid
sa Elementong Tubig.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang panig ng **bilog.**

Itaas ang **Kopa** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

HMAGL,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Lupa
sa Elementong Tubig,

pagkalooban itong Kopa
ng kapangyarihan ng Tubig
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Lupa
sa Elementong Tubig.

Bilang pantapos ay bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyo,
tanging madunong,
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,
papuri at luwalhati magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming) tumayo
nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan,
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa akin (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiniig sa mga banal.

Isagawa ang **Pagsara sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban:**

1) Bagtasin nang makatlo ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.
2) Pagdaan sa silangang panig ng **bilog** ay isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.
3) Pakiramdaman ang unti-unting paglaho ng **uli-uli ng lakas** sa loob ng **bilog.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo,** datapwat ang gagamitin ay ang **Kopa** sa halip ng **Patalim,** at ang mga **Pantaboy na Pentagramong** lilikhain ay di yaong sa **Elementong**

Lupa kundi sa **Elementong Tubig.** (Simulan ang guhit sa braso sa **kanan** ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kaliwa nito.)

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.**

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Pinalalaya ko ngayon
ang mga naparam nitong seremonya.
Humayong mapayapa
sa kinauukulang mga larangan,
taglay ang mga biyaya
at ang kabutihang-loob
ni YEHESHUAH YEHOVASHAH.

Magtungo sa **altar.**

Damputin ang **kampanilya** at patunugin nang makatlo. Bigkasin ang sumusunod:

Ang templong ito ay sarado na.

Ibalot ang **Kopa** sa telang seda na asul, itim o puti, at huwag itong ipahawak kaninuman.

K. Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Punyal (ng Elementong Himpapawid)

Sindihan ang **kandila.**

Patunugin nang makatlo ang **kampanilya.**

Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa **bahaging itim** at kantahin nang **malakas at pautos** ang **Pagtaboy sa Mga Maligno:**

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pantaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Magtungo sa kanlurang panig ng altar at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo**. Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag**.

Damputin ang **Kopa** sa kaliwang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at wisikan ito ng tubig samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kaya't una sa lahat,
ang magong namumuno
sa mga himalang Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Kopa** sa ibabaw ng altar.

Damputin ang **kandelero** sa kanang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at sa pamamagitan ng apoy ng **kandila** ay guhitan ang **bilog** ng liwanag **na puting apoy sa himpapawid** samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na humilibot at sumisiklab
sa lalim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **kandelero** sa ibabaw ng altar.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilaga-silangang panig ng **bilog**.

Humarap sa direksiyong hilaga-silangan at bigkasin ang sumusunod:

Ang Araw na maliwanag

ay Ilaw sa Lupa.
Pahintulutan akong (kaming) magbukas dito ng pintuan
upang ang di maaninag na Araw ng Espiritu
ang siyang sumikat sa akin (amin)
mula sa itaas.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**.

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Damputin ang **Baton ng Lotus** sa kanang kamay at ang **Punyal** sa kaliwang kamay.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa silangang panig ng **bilog**.

Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay iguhit sa himpapawid, sa ibabaw ng **Punyal**, ang isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Himpapawid**. (Simulan ang guhit sa braso sa kanan ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kaliwa nito.)

Sa pamamagitan din ng **Baton ng Lotus** ay iguhit sa himpapawid, sa ibabaw ng **Punyal**, ang mga titik na Ebreo ng mga pangalan sa sumusunod:

Panginoon ng Buhay na Walang Katapusan,
lumalang sa tanan
at nagbihis ng Kalikasan,
sa pamamagitan ng banal at maka-Diyos N'yong Ngalan
na YOD HEH VAV HEH,
na kinikilala sa Korte
ng MIZRACH,
dulutan kami ng nauukol na lakas at dunong
sa aking (aming) mga gawain at pananaliksik
sa Lihim na Liwanag at Karunungan.

Maging gabay sa aking (aming) paglalakbay
ang Inyong nakmamanghang Arkanghel
na si RAPHAEL,
na siyang namumuno

sa lahat ng Himalang Himpapawid.
Maging bantay sa aking (aming) bawat hakbang
ang Inyong Anghel
na si CHASSAN.

Patibayin ng nakapangyayaring Prinsipe
ARIEL
na tagapamahala ng Himpapawid
ang mahiwagang puwersa
at mga mistikal na katangian
nitong Punyal,
sa pahintulot ng makapangyarihang Diyos,
YOD HEH VAV HEH,
nang maging mabisang kasangkapan
sa magica na aking (aming) gaganapin.

Magbalik sa **altar**. Muling ipatong ang **Baton ng Lotus** sa **altar**.

Damputin ang **Espada** sa kanang kamay.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa silangang panig ng **bilog**.

Sa pamamagitan ng **Espada** ay muling iguhit sa himpapawid ang **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Himpapawid**, sa ibabaw ng **Punyal**.

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Sa pamamagitan ng Tatlo,
Dakila,
Lihim
at maka-Diyos na Pangalan
ng Panginoon
na itinitik sa mga bandila ng Silangan,
ORO IBAH AOZPI,
tinatawag ko Kayong Dakilang Hari ng Silangan,
BATAIVAH.
Makibahagi sa aking (aming) ritwal,
nang sa Inyong pagdating
ay Inyong tanggapin
at gawaran ng bisa
ang aking (aming) Punyal.

Handugan ito
ng karagdagang kapangyarihan at birtud
nang maging mahusay na kasangkapan
sa lahat ng himalang Himpapawid,
at nang aking (aming) magamit
bilang mabisang sandata
sa aking (aming) pakikipag-ugnay
sa mga Espiritu ng mga Elemento.

Mga Prinsipeng makapangyarihan
sa Korteng Silangan,
tinatawag ko Kayo,
na aking (aming) kinikilala at iginagalang
sa mga pangalan at katungkulan
ng Mayores.
Dinggin ang mga kahilingan,
at mula sa sandaling ito
ay umabay Kayo sa akin (amin).
Handugan itong Punyal
ng lakas at katunayan
ng Inyong mga Pagtuturo
sa mga Elementong sakop N'yo,
nang manatili sa mga hugis
at kulay
at pisikal na anyo
ang isinasagisag nitong mga hiwaga.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa timog na panig ng **bilog**.

Itaas ang **Punyal** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

EXGSD,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Apoy
sa Elementong Himpapawid,
pagkalooban itong Punyal
ng kapangyarihan ng Himpapawid
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Apoy
sa Elementong Himpapawid.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa kanlurang panig ng **bilog**.

Itaas ang **Punyal** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

EYTPA,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Tubig
sa Elementong Himpapawid,
pagkalooban itong Punyal
ng kapangyarihan ng Himpapawid
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Tubig
sa Elementong Himpapawid.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa silangang panig ng **bilog**.

Itaas ang **Punyal** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

ERZLA,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Himpapawid
sa Elementong Himpapawid,
pagkalooban itong Punyal
ng kapangyarihan ng Himpapawid
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Himpapawid
sa Elementong Himpapawid.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang panig ng **bilog**.

Itaas ang **Punyal** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

ETNBR,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Lupa
sa Elementong Himpapawid,
pagkalooban itong Punyal
ng kapangyarihan ng Himpapawid
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Lupa
sa Elementong Himpapawid.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang panig ng **bilog**.

Bilang pantapos ay bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyo,
tanging madunong,
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,
papuri at luwalhati magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming) tumayo
nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan,
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa akin (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiisa sa mga banal.

Isagawa ang **Pagsara sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**:

1) Bagtasin nang makatlo ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.
2) Pagdaan sa silangang panig ng **bilog** ay isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** sa direksiyong pakaliwa sa **bilog**.
3) Pakiramdaman ang unti-unting paglaho ng **uli-uli ng lakas** sa loob ng **bilog**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**, datapwat ang gagamitin ay ang **Punyal** sa halip ng **Patalim**, at ang mga **Pantaboy na Pentagramong** lilikhain ay di yaong sa **Elementong Lupa** kundi sa **Himpapawid**. (Simulan ang guhit sa braso sa **kaliwa** ng **Pentagramo** tungo sa braso sa kanan nito.)

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.**

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Pinalalaya ko ngayon
ang mga naparam nitong seremonya.
Humayong mapayapa
sa kinauukulang mga larangan,
taglay ang mga biyaya
at ang kabutihang-loob
ni YEHESHUAH YEHOVASHAH.

Magtungo sa **altar.**

Damputin ang **kampanilya** at patunugin nang makatlo. Bigkasin ang sumusunod:

Ang templong ito ay sarado na.

Ibalot ang **Punyal** sa telang seda na dilaw, itim o puti, at huwag itong ipahawak kaninuman.

D. Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Pentakulo (ng Elementong Lupa)

Sindihan ang **kandila.**

Patunugin nang makatlo ang **kampanilya.**

Hawakan ang **Baton ng Lotus** sa **bahaging itim** at kantahin nang **malakas at pautos** ang **Pagtaboy sa Mga Maligno:**

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pantaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.** Ipantapos ang **Pagbanghay Sa Salitang Liwanag.**

Damputin ang **Kopa** sa kaliwang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at wisikan ito ng tubig samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kayat una sa lahat,
ang magong namumuno
sa mga himalang Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **Kopa** sa ibabaw ng **altar.**

Damputin ang **kandelero** sa kanang kamay. Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at sa pamamagitan ng apoy ng **kandila** ay guhitan ang **bilog** ng liwanag **ng puting apoy sa himpapawid** samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa ldim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Ibalik ang **kandelero** sa ibabaw ng **altar.**

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilaga-silangang panig ng **bilog.**

Humarap sa direksiyong hilaga-silangan at bigkasin ang sumusunod:

Ang Araw na maliwanag
ay Ilaw sa Lupa.
Pahintulutan akong (kaming) magbukas dito ng pintuan

upang ang di maaninag na Araw ng Espiritu
ang siyang sumikat sa akin (amin) mula sa itaas.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig.**

Damputin ang **Baton ng Lotus** sa kanang kamay at ang **Pentakulo** sa kaliwang kamay. Laging tandaan na ang **Pentakulo** ay hahawakan sa bahaging itim lamang.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang panig ng **bilog.**

Sa pamamagitan ng **Baton ng Lotus** ay iguhit sa himpapawid, sa ibabaw ng **Pentakulo**, ang isang malakit at asul na **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Lupa.** (Simulan ang guhit sa tuktok ng **Pentagramo** tungo sa paa sa kaliwa nito.)

Sa pamamagitan din ng **Baton ng Lotus** ay iguhit sa himpapawid, sa ibabaw ng **Pentakulo**, ang mga titik na Ebreo ng mga pangalan sa sumusunod:

Panginoon ng Buhay na Walang Katapusan,
lumalang sa tanan
at nagbihis ng Kalikasan,
sa pamamagitan ng banal at maka-Diyos N'yong Ngalan
na ADONAI,
na kinikilala sa Korte
ng TZAPHON,
dulutan kami ng nauukol na lakas at dunong
sa aking (aming) mga gawain at pananaliksik
sa Lihim na Liwanag at Karunungan.

Maging gabay sa aking (aming) paglalakbay
ang Inyong nakamamanghang Arkanghel
na si AURIEL,
na siyang namumuno
sa lahat ng Himalang Lupa.

Maging bantay sa aking (aming) bawat hakbang
ang Inyong Anghel
na si PHORLAKH.

Patibayin ng nakapangyayaring Prinsipe
KERUB
na tagapamahala
ng Himpapawid
ang mahiwagang puwersa
at mga mistikal na katangian
nitong Pentakulo,
sa pahintulot ng makapangyarihang Diyos,
ADONAI,
nang maging mabisang kasangkapan
sa magica na aking (aming) gaganapin.

Magbalik sa **altar.** Muling ipatong ang **Baton ng Lotus** sa **altar.**

Damputin ang **Espada** sa kanang kamay.

Magbalik sa hilagang panig ng **bilog.**

Sa pamamagitan ng **Espada** ay iguhit sa himpapawid ang **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Lupa** sa ibabaw ng **Pentakulo.**

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Sa pamamagitan ng Tatlo,
Dakila,
Lihim
at maka-Diyos na Pangalan ng Panginoon
na itinitik sa mga bandila ng Hilaga,
EMOR DIAL HECTEGA,
tinatawag ko Kayong Dakilang Hari ng Hilaga,
IC ZOD HEH CHAL.
Makibahagi sa aking (aming) ritwal,
nang sa Inyong pagdating
ay Inyong tanggapin
at gawaran ng bisa
ang aking (aming) Pentakulo.
Handugan ito
ng karagdagang kapangyarihan at birtud
nang maging mahusay na kasangkapan

sa lahat ng Himalang Lupa,
at nang aking (aming) magamit
bilang mabisang sandata
sa aking (aming) pakikipag-ugnay
sa mga Espiritu ng mga Elemento.

Mga Prinsipeng makapangyarihan
sa Korteng Hilaga,
tinatawag ko Kayo,
na aking (aming) kinikilala at iginagalang
sa mga pangalan at katungkulan
ng Mayores.
Dinggin ang mga kahilingan,
at mula sa sandaling ito
ay umabay Kayo sa akin (amin).
Handugan itong Pentakulo
ng lakas at katunayan
ng Inyong mga Pagtuturo
sa mga Elementong sakop N'yo,
nang manatili sa mga hugis
at kulay
at pisikal na anyo
ang isinasagisag nitong mga hiwaga.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa timog na panig ng **bilog**.

Itaas ang **Pentakulo** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

NAAOM,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Apoy
sa Elementong Lupa,
pagkalooban itong Pentakulo
ng kapangyarihan ng Lupa
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Apoy
sa Elementong Lupa.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa kanlurang panig ng **bilog**.

Itaas ang **Pentakulo** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

NPHRA,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Tubig
sa Elementong Lupa,
pagkalooban itong Pentakulo
ng kapangyarihan ng Lupa
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Tubig
sa Elementong Lupa.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa silangang panig ng **bilog**.

Itaas ang **Pentakulo** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

NBOZA,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Himpapawid
sa Elementong Lupa,
pagkalooban itong Pentakulo
ng kapangyarihan ng Himpapawid
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Himpapawid
sa Elementong Lupa.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang panig ng **bilog**.

Itaas ang **Pentakulo** at bigkasin at kantahin ang sumusunod:

NROAM,
makapangyarihang Anghel,
Pinuno ng Apat na Anghel ng Lupa
sa Elementong Lupa,
pagkalooban itong Pentakulo
ng kapangyarihan ng Lupa
nang makipag-ugnay sa akin (amin)
ang mga Espiritu ng Lupa
sa Elementong Lupa.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang panig ng **bilog**.

Bilang pantapos ay bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyo,
tanging madunong,
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,
papuri at luwalhati magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming) tumayo
nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan,
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa akin (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiniig sa mga banal.

Isagawa ang **Pagsara sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban:**

1) Bagtasin nang makatlo ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.
2) Pagdaan sa silangang panig ng **bilog** ay isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.
3) Pakiramdaman ang unti-unting paglaho ng **uli-uli ng lakas** sa loob ng **bilog.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo,** datapwat ang gagamitin ay ang **Pentakulo** sa halip ng **Patalim,** at ang mga **Pantaboy na Pentagramong** lilikhain ay yaong sa **Elementong Lupa.** (Simulan ang guhit sa paa sa kaliwa ng **Pentagramo** tungo sa tuktok nito.)

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.**

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Pinalalaya ko ngayon
ang mga naparam nitong seremonya.
Humayong mapayapa
sa kinauukulang mga larangan,
taglay ang mga biyaya
at ang kabutihang-loob
ni YEHESHUAH YEHOVASHAH.

Magtungo sa **altar.**

Damputin ang **kampanilya** at patunugin nang makatlo. Bigkasin ang sumusunod:

Ang templong ito ay sarado na.

Ibalot ang **Pentakulo** sa telang seda na itim o puti, at huwag itong ipahawak kaninuman.

Mga Orasyon
Para Sa Mga Ritwal ng Pagdulot ng Bisa
sa Mahiwagang Tatsulok,
sa Bolang Kristal o Mahiwagang Salamin
at sa Insensaryo

Ihanda ang **templo,** ang **bilog** at ang **altar,** tulad ng sa **Ritwal ng Pagdulot ng Bisa sa Espada.**

Ipatong ang **mga kasangkapang dudulutan ng bisa** sa ibabaw ng **Lapida ng Pagbuklod.**

Tumayo sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Patunugin nang makatlo ang **kampanilya.**

Magtungo sa hilaga-silangang panig ng **bilog.**

Kantahin nang **malakas at pautos** ang **Pagtaboy Sa mga Maligno,** bilang hudyat na magsisimula ang ritwal:

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.** Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag.**

Maglakad sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa timog na panig ng **altar.**

Damputin at itaas ang **Baton ng Elementong Apoy.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Apoy** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy.**

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa lalim at salimuot ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa timog na panig ng **altar.** Humarap sa **Lapida ng Elementong Apoy** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Apoy** samantalang kinakanta ang sumusunod:

OIP TEAA PEDOCE

Iguhit sa apoy na puti sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **tatak ng Leo.** Ituon ang dulo ng **Baton ng Elementong Apoy** sa gitna ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Apoy** at kantahin ang Ngalang

ELOHIM

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Timog,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Timog!

Ipatong ang **Baton ng Elementong Apoy** sa **altar.**

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar.**

Itaas ang **Kopa.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Tubig** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Kopa.**

Itaas ang **Kopa** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kayat una sa lahat,
ang magong namumuno
sa mga himala ng Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat,

Magbalik sa kanlurang panig ng **altar.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Tubig** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Kopa.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Kopa** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Tubig** samantalang kinakanta ang sumusunod:

MPH ARSEL GAIOL

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **ulo ng agila.** Ilapit ang **Kopa** sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Tubig** samantalang kinakanta ang sumusunod:

ALEPH LAMED AL

Itaas ang **Kopa** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Kanluran,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Kanluran!

Ipatong ang **Kopa** sa **altar.**

Magtungo sa silangang panig ng **altar.**

Itaas ang **Punyal.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Himpapawid** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Punyal.**

Itaas ang **Punyal** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

May Apoy na lumulusong
sa lumulusong na Himpapawid,
Apoy na walang hugis
at nagbibigay-hugis sa tinig.
Liwanag na nakasisilaw,
dumadaluyong,
lumalaganap,
humihiyaw.

Magbalik sa silangang panig ng **altar.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Himpapawid** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Punyal.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Punyal** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Himpapawid** samantalang kinakanta ang sumusunod:

ORO IBAH AOZPI

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Himpapawid** ang **tatak ng Aquarius.** Ituon ang dulo ng **Punyal** sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Himpapawid** samantalang kinakanta ang sumusunod:

YOD HEH VAV HEH

Itaas ang **Punyal** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Silangan,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Silangan!

Ipatong ang **Punyal** sa **altar.**

Magtungo sa hilagang panig ng **altar.**

Itaas ang **Pentakulo.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Lupa** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Pentakulo.**

Itaas ang **Pentakulo** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

Yumukod at pagmasdan
ang kaharian ng dilim,
ang malalim na balon
ng mga itinakwil,
ang himlayan ni Hades
na balot man sa lumbay
ay kasiyahang panoorin
ang di matantong pangitain.
Ang daan tungo ro'n
ay matarik,
paliguy-ligoy,
papanaog
at walang pinatutunguhan,
walang panginoring natatanaw,
walang tiyak na kapaligiran,
walang kawawaan.

Magbalik sa hilagang panig ng **altar.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Lupa** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Pentakulo.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Pentakulo** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Lupa** samantalang kinakanta

ang sumusunod:

EMOR DIAL HECTEGA

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo ng Elementong Lupa** ang **tatak ng Taurus**. Ilapit dito ang **Pentakulo** samantalang kinakanta ang Ngalang

ADONAI

Itaas ang **Pentakulo** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Hilaga,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Hilaga!

Ipatong ang **Pentakulo** sa **altar**.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan.

Isagawa sa ibabaw ng **Lapida ng Pagbuklod** ang **Paghawi sa Lambong**.

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Ol Sonuf Vaorsagi Goho Iada Balta.
ELEXARPEH COMANANU TABITOM.
Zodakara Eka Zodakare Od Zodameranu,
Odo Kikle Qaa Piap Piamoel Od Vaoan.

Pagbigkas:

"O-el So-nuf Ve-o-er-sa-ji Go-ho I-a-da Bal-ta.
EL-EX-AR-PE-HE CO-MA-NA-NU TA-BI-TO-EM.
Zod-a-ka-ra E-ka Zod-a-ka-re O-da Zod-amer-a-nu.
O-do Ki-kle ka-a Pi-a-pe pi-a-mo-el O-da Ve-o-a-nu."

Sa salitang Enochian,
"Pinamumunuan ko kayo, ang Diyos ng Katarungan,
(Tatlong mahiwagang ngalan ang kasunod.)
Kaya't kumilos kayo ngayon at magsilitaw.
Bigkasin n'yo ang mga salitang susi sa mga misteryo ng Pagkapal:

kaganapan, kabutihan, katotohanan."

Tinatawag ko kayong mga anghel
sa lahat ng Kalangitan
na ang tahanan ay di maaninag
ng aking (aming) paningin.
Kayong mga bantay
sa mga harang ng daan sa Sansinukuban
ay magbantay rin
sa aking (aming) mistikal na lunan.
Ilayo n'yo sa akin (amin)
ang lahat ng kasamaan
at ang labis na makabibigat o makagagaan
sa aking (aming) timbangan.
Bigyan n'yo ako (kami)
ng lakas at dunong
nang panatilihing dalisay
itong sisidlan ng mga misteryo
ng Kataastaasan.
Dulutan n'yo ng linis at kabanalan
upang patuluyin ako (kami) sa tamang daan
at makabahagi sa mga lihim ng Sansinukuban
at sa maka-Diyos na Liwanag.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilaga-silangang panig ng **bilog**.

Humarap sa direksiyong hilaga-silangan at bigkasin ang sumusunod:

Ang Araw na maliwanag
ay Ilaw sa Lupa.
Pahintulutan akong (kaming) magbukas dito ng pintuan
upang ang di maaninag na Araw ng Espiritu
ang siyang sumikat sa akin (amin) mula sa itaas.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**.

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay**.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
Panginoon ng Sansinukuban.

Muling isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal
at di lalang ng Kalikasan.

Isagawa na naman ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
walang hanggan
at lubos na makapangyarihan,
Panginoon ng Liwanag at ng Dilim.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig.**

Isagawa ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag.** Tiklupin ang mga braso at kamay sa gitna ng dibdib upang ang mga ito ay muling maghugis-titik na "X". Pakiramdaman ang pagbuhos ng **puting liwanag** hindi sa iyong ulo at buong katawan kundi sa **mga kasangkapan sa ibabaw ng Lapida ng Pagbuklod** hanggang ang mga ito ay magningning.

Iunat paharap ang mga braso at kamay at ituon ang mga palad sa **mga kasangkapan sa ibabaw ng Lapida ng Pagbuklod.** Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Kabanalbanalang
EHEIEH,
basbasan N'yo,
tanggapin at dulutan ng bisa
itong mga kasangkapan ng magica
nang tamuhin ang nauukol na kapangyarihan
na sa Inyo nanggaling.
Kabanalbanalang
EHEIEH,
ang Inyong Kaharian
ay tunay na walang katapusan.

Damputin ang bawat **kasangkapan sa ibabaw ng Lapida ng Pagbuklod** sa dalawang kamay at itaas ang mga ito sa kalangitan. Tumingala at bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyong paninilbihan ko (namin) iniaalay
itong (pangalan ng kasangkapan),
butihin at makapangyarihang Diyos,
sa pag-asang
Inyong ikalulugod
at ikalalapit ko (namin)
sa Liwanag.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang panig ng **bilog.**

Bilang pantapos ay bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyo,
tanging madunong,
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,
papuri at luwalhati magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming) tumayo
nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan,
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa akin (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiniig sa mga banal.

Isagawa ang **Pagsara sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo,** datapuwa't ang gagamitin ay **Pentakulo** sa halip ng **Patalim,** at ang mga **Pantaboy na Pentagramong** lilikhain ay yaong sa **Elementong Lupa.** (Simulan ang guhit sa paa sa kaliwa ng **Pentagramo** tungo sa tuktok nito.)

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.**

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Pinalalaya ko ngayon
ang mga naparam nitong seremonya.
Humayong mapayapa
sa kinauukulang mga larangan,
taglay ang mga biyaya
at ang kabutihang-loob
ni YEHESHUAH YEHOVASHAH.

Magtungo sa **altar.**

Damputin ang **kampanilya** at patunugin nang makatlo. Bigkasin ang sumusunod:

Ang templong ito ay sarado na.

Ibalot ang bawat **kasangkapan sa ibabaw ng Lapida ng Pagbuklod** sa telang seda na itim o puti, at huwag itong ipahawak kaninuman

Mahalagang Tala:

Bago isagawa ang bawat pantapos sa ritwal ng **Pagdulot ng Bisa** sa alinmang kasangkapan, idinurugtong ng Mages of the Dawn ang sumusunod:

Pahintulutang manatili ang bisa at kapangyarihan
nitong (pangalan ng kasangkapan)
kung aking (aming) pananatilihing nakalantad
bilang instrumento sa pagpapasulong sa karunungan.
Nawa,
ang tingin at tagkil ng iba,
anuman ang kanilang hangarin,
ay makaragdag lamang sa bisa at kapangyarihan nito,
at magsukli ng nauukol
na pagpala o prenda.

Mga Panibagong Orasyon para sa Seremonya ng Pananawagan sa Isang Espiritung Mataas ang Katungkulan

Paghahanda

Espada
Baton ng Elementong Apoy
Lagda ng Espiritu,[28]
Lagdaan,[29]
Kopa,
Punyal,
Pentakulo,
mga Lapida ng mga Elemento
Lapida ng Pagbuklod,
Tatsulok ng Panawagan
Itim na Salamin o Bolang Kristal
Kampanilya
Insensaryo

Bago ang lahat ay dapat magkasundo ang mga **Mago** sa paghahati-hati sa mga papel na kailangang gaganapin sa seremonya.

Ihanda ang **templo**, ang **bilog** at ang **altar** tulad ng sa ritwal ng **Pagdulot ng Bisa sa Espada.**

Ilapag o itayo ang **Tatsulok ng Panawagan** sa silangan, sa labas ng **bilog.**

Ipatong sa gitna o itayo sa harapan ng **Tatsulok ng Panawagan** ang **Itim na Salamin** o ang **Bolang Kristal.** Iwasang makakita ng aninag ng ilaw na nagmumula sa **kandila, lampara** o bumbilya sa **Itim na Salamin** o sa **Bolang Kristal** mula sa katatayuan sa kanluran ng **altar** o sa silangang panig ng **bilog.**

Ilapag ang **insensaryo** sa labas ng **bilog,** sa pagitan ng **Tatsulok ng Panawagan** at ng **bilog** o sa pagitan ng **Itim na Salamin** o ng **Bolang Kristal** at ng **bilog.** Tiyakin na ang **Itim na Salamin** o ang **Bolang Kristal** ay hindi natatabingan ng **insensaryo.**

Ilapag ang **Lagdaan** sa silangang panig ng **bilog.**

[28]Ang sigil, tatak, simbolo o sagisag ng Espiritu, na kokopyahin sa isang pirasong papel na parchment mula sa isang talaan ng mga Espiritu.

[29]Isang pirasong papel, isang kuwaderno o isang aklat ng mga blangkong pahina na lalagdaan ng dadalaw na Espiritu sa pamamagitan ng mga dilaw na guhit ng liwanag

Ipatong ang **Lagda ng Espiritu,** na nababalot o nasisilid sa telang seda na itim, sa ibabaw ng **Lapida ng Pagbuklod.**

Magbihis ng akmang kasuotan.

Magsindi ng mga **kandila** o **lampara,** datapuwa't panatilihing malamlam ang pagkakailaw sa templo.

Pabagahin ang uling sa **insensaryo.** Para sa buong seremonya, ang **insenso** o ang karagdagang **insenso** ay ipatong sa dulo ng **Espada** na siyang ipanlalagay ng **insenso** sa **insensaryo.** Ito ay pagkat ang **insensaryo** ay nasa **labas** ng **bilog** at, upang manatiling protektado, marapat lamang na huwag ilabas ang anumang bahagi ng katawan sa **bilog.**

Ang Mga Orasyon Para Sa Seremonya

Tumayo sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan. Patunugin nang makatlo ang **kampanilya.**

Magtungo sa hilaga-silangang gilid ng **bilog.**

Kantahin nang **malakas at pautos** ang **Pagtaboy sa Mga Maligno,** bilang hudyat na magsisimula ang ritwal:

HEKAS, HEKAS, ESTE BEBELOI!

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa direksiyong silangan.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo.**

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo.** Ipantapos ang **Pagbanghay sa Salitang Liwanag.**

Maglakad sa **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa timog na panig ng **altar.**

Damputin at itaas ang **Baton ng Elementong Apoy.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Apoy** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy.**

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

At matapos na malipol
ang lahat ng kampon ng dilim,
saksihan ang Banal at Makislot na Apoy,
ang Apoy na lumilibot at sumisiklab
sa lalim at salimuot
ng Sansinukuban.
Dinggin ang Tinig ng Apoy.

Magbalik sa timog na panig ng **altar.** Humarap sa **Lapida ng Elementong Apoy** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Baton ng Elementong Apoy** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

OIP TEAA PEDOCE

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **tatak ng Leo.** Ituon ang dulo ng **Baton ng Elementong Apoy** sa gitna ng **Pampalapit na Pentagramo** at kantahin ang Ngalang

ELOHIM

Itaas ang **Baton ng Elementong Apoy** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Timog,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Timog!

Ipatong ang **Baton ng Elementong Apoy** sa **altar.**

Magtungo sa kanlurang panig ng **altar.**

Itaas ang **Kopa.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Tubig** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Kopa.**

Itaas ang **Kopa** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

Kaya't una sa lahat,
ang magong namumuno
sa mga himala ng Apoy
ay magwiwisik ng makislap na tubig
mula sa maugong at umaalingawngaw na dagat.

Magbalik sa kanlurang panig ng **altar.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Tubig** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Kopa.**

Ipangguhit sa himpapawid ang **Kopa** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

MPH ARSEL GAIOL

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **ulo ng agila.** Ilapit ang **Kopa** sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

ALEPH LAMED AL

Itaas ang **Kopa** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Kanluran,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Kanluran!

Ipatong ang **Kopa** sa **altar.**

Magtungo sa silangang panig ng **altar.**

Itaas ang **Punyal.**

Humarap sa **Lapida ng Elementong Himpapawid** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Punyal.**

Itaas ang **Punyal** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigikas ang sumusunod:

May Apoy na lumulusong
sa lumulusong na Himpapawid.
Apoy na walang hugis
at nagbibigay-hugis sa tinig.
Liwanag na nakasisilaw,
dumadaluyong,
lumalaganap,
humihiyaw.

Magbalik sa silangang panig ng **altar**.

Humarap sa **Lapida ng Elementong Himpapawid** at ikumpas nang makatlo sa himpapawid ang **Punyal**.

Ipangguhit sa himpapawid ang **Punyal** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

ORO IBAH AOZPI

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **tatak ng Aquarius**. Itutok ang dulo ng **Punyal** sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

YOD HEH VAV HEH

Itaas ang **Punyal** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Silangan,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Silangan!

Ipatong ang **Punyal** sa **altar**.

Magtungo sa hilagang panig ng **altar**.

Itaas ang **Pentakulo**.

Humarap sa **Lapida ng Elementong Lupa** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Pentakulo**.

Itaas ang **Pentakulo** at bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, samantalang binibigkas ang sumusunod:

Yumukod at pagmasdan
ang kaharian ng dilim,
ang maladlim na balon
ng mga itinakwil,
ang himlayan ni Hades
na balot man sa lumbay
ay kasiyahang panoorin
ang di matantong pangitain.
Ang daan tungo ro'n ay matarik,
paliguy-ligoy,
papanaog
at walang pinatutunguhan,
walang panginoring natatanaw,
walang tiyak na kapaligiran,
walang kawawaan.

Magbalik sa hilagang panig ng **altar**.

Humarap sa **Lapida ng Elementong Lupa** at iduyan nang makatlo sa himpapawid ang **Pentakulo**.

Ipangguhit sa himpapawid ang **Pentakulo** ng isang malaki at asul na **Pampalapit na Pentagramo** samantalang kinakanta ang sumusunod:

EMOR DIAL HECTEGA

Iguhit sa puting apoy sa sentro ng **Pampalapit na Pentagramo** ang **tatak ng Taurus**. Ilapit dito ang **Pentakulo** samantalang kinakanta ang Ngalang

ADONAI

Itaas ang **Pentakulo** at bigkasin ang sumusunod:

Sa mga pangalan at titik
ng Dakilang Korte ng Hilaga,
tinatawag ko kayong mga anghel
ng Tore sa Hilaga!

Ipatong ang **Pentakulo** sa **altar**.

Magbalik sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan.

Isagawa sa ibabaw ng **Lapida ng Pagbuklod** ang **Paghawi sa Lambong**.

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Ol Sonuf Vaorsagi Goho Iada Balta.
ELEXARPEH COMANANU TABITOM.
Zodakara Eka Zodakare Od Zodameranu.
Odo Kikle Qaa Piap Piamoel Od Vaoan.

Pagbigkas:

"O-el So-nuf Ve-o-er-sa-ji Go-ho I-a-da Bal-ta.
EL-EX-AR-PE-HE CO-MA-NA-NU TA-BI-TO-EM.
Zod-a-ka-ra E-ka Zod-a-ka-re O-da Zod-amer-a-nu.
O-do Ki-kle ka-a Pi-a-pe pi-a-mo-el O-da Ve-o-a-nu."

Sa salitang Enochian,
"Pinamumunuan ko kayo, ang Diyos ng Katarungan.
(Tatlong mahiwagang ngalan ang kasunod.)
Kaya't kumilos ngayon at magsilitaw.
Bigkasin n'yo ang mga salitang susi sa mga misteryo ng Pagkapal:
kaganapan, kabutihan, katotohanan."

Tinatawag ko kayong mga anghel
sa lahat ng Kalangitan
na ang tahanan ay di maaninag
ng aking (aming) paningin.
Kayong mga bantay
sa mga harang ng daan sa Sansinukuban
ay magbantay rin
sa aking (aming) mistikal na lunan.
Ilayo n'yo sa akin (amin)
ang lahat ng kasamaan
at ang labis na makabibigat o makagagaan
sa aking (aming) timbangan.
Bigyan n'yo ako (kami)
ng lakas at dunong
nang panatilihing dalisay
itong sisidlan ng mga misteryo
ng Kataastaasan.

Dulutan n'yo ng linis at kabanalan
upang patuluyin ako (kami) sa tamang daan
at makabahagi sa mga lihim ng Sansinukuban
at sa maka-Diyos na Liwanag.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilaga-silangang panig ng **bilog**.

Humarap sa direksiyong hilaga-silangan at bigkasin ang sumusunod:

Ang Araw na maliwanag
ay Ilaw sa Lupa.
Pahintulutan akong (kaming) magbukas dito ng pintuan
upang ang di maaninag na Araw ng Espiritu
ang siyang sumikat sa akin (amin) mula sa itaas.

Lumikha ng **uli-uli ng lakas**, tulad ng sa ritwal ng **Pagbukas sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**.

Isagawa ang **Ritwal ng Pagpugay**.

Isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
Panginoon ng Sansinukuban.

Muling isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal
at di lalang ng Kalikasan.

Isagawa na naman ang **Pagtuloy sa Daan** at bigkasin ang sumusunod:

Kayo ay banal,
walang hanggan
at lubos na makapangyarihan,
Panginoon ng Liwanag at ng Dilim.

Isagawa ang **Pagpinid sa Bibig**.

Patunugin ang **kampanilya**.

Alisin ang napiling **Lagda ng Espiritu** sa pagkakabalot at damputin sa kaliwang kamay. Damputin ang **Espada** o ang **Baton ng Lotus**[30] sa kanang kamay.

Tumayo sa kanluran ng **altar** at humarap sa silangan, o kaya ay tumayo sa silangang panig ng **bilog**, na mas malapit sa **Tatsulok ng Panawagan.**

Titigan ang **Lagda ng Espiritu** na hawak sa kaliwang kamay. Isaisip o kantahin ang pangalan ng Espiritu nang makasiyam o hanggang sa maramdaman mo na ang panawagan ay lumaganap na sa sansinukuban at umabot sa kinauukulan.

Ilipat ang titig sa **Itim na Salamin** o sa **Bolang Kristal.**

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Tinatawag kita
nang makita't kausapin.
Espiritung tumutugon sa pangalang (pangalan ng Espiritu),
sa kapangyarihan at pamumuno
ng Iisang Diyos ng Sansinukuban—
ang Tunay na Panginoong kinikilala
sa mga Ngalang
YOD HEH VAV HEH,
ADONAI,
EHEIEH,
AGLA—
Magpakita ka sa maamo mong kaanyuhan
sa loob nitong salamin (o kristal).

Ang Espiritu ay maaaninag sa **Itim na Salamin** o sa **Bolang Kristal,** o kaya ay sa makislot na mga hugis ng usok ng insenso.

Kapag naaninag na ang Espiritu ay bigkasin ang sumusunod:

Maligayang pagdating.
Ano ang pangalan mo?

Kung iba ang pangalang itutugon ng Espiritu, maaari mong usisain kung ano ang sadya nito sa pagdating:

[30]Ang **Espada**, na sagisag ng Talino at Kapangyarihan ng **Mago,** ang siyang gagamitin sa halip ng **Baton ng Lotus** kung may posibilidad na yaong Espiritung darating ay lalaban o sasangga sa mga kahilingan at pakiusap ng **Mago.**

Ano ang dahilan
at ikaw ang dumating?

Maaari mo rin itong pabalikin sa kaniyang pinanggalingan:

Espiritung tumutugon sa pangalang (pangalan ng Espiritu),
sa kapangyarihan at pamumuno
ng Iisang Diyos ng Sansinukuban—
ang Tunay na Panginoong kinikilala
sa mga Ngalang
YOD HEH VAV HEH,
ADONAI,
EHEIEH,
AGLA—
ngayon din ay magbalik ka
sa iyong pinanggalingan.

Kung tumpak naman ang pangalang itutugon ng Espiritu, palagdain mo ito sa bukas na **Lagdaan.** Sa pamamagitan ng **Espada,** ang **Lagdaan** ay itulak sa lapag tungo sa labas ng **bilog** at sa **Tatsulok ng Panawagan.**

Kung ang ibig mo at ng iyong pangkat ay walang **Lagdaan,** ang Espiritu ay maaaring palagdain sa himpapawid, sa anumang bagay sa kapaligiran, sa **Itim na Salamin** o sa **Bolang Kristal** mismo.

Kung ayaw lumagda ng Espiritu o kung mali ang inilagda nito, pabalikin mo ito sa kaniyang pinanggalingan.

Kung tama ang inilagda ng Espiritu, batiin mo ito sa pamamagitan ng pagbigkas ng sumusunod:

Binabati kita nang mapayapa,
(pangalan ng Espiritu),
sa Ngalan ng Diyos na Kataastaasan.
Manatili ka sa loob ng salamin (o kristal)
hanggang sa ako ay magpaalam,
at saka ka magbalik agad-agad
sa iyong pinanggalingan.
Magtapat ka sa akin nang lubusan
at sagutin mo ng katotohanan
ang aking mga katanungan.

Kapanayamin o kausapin ang Espiritu tungo sa pagsasaganap ng

iyong layunin sa panawagan. Gumamit ng mga salitang malinaw, tiyak at madaling maintindihan.

Bilang pantapos sa pakikipanayam o pakikipag-usap ay bigkasin ang sumusunod:

Maraming salamat,
(pangalan ng Espiritu).
Humayo kang mapayapa
at magbalik agad-agad
sa iyong pinanggalingan.
Sa kapangyarihan at pamumuno
ng Tunay na Panginoon,
pakaingatan mong walang masaktan o mapinsala
sa iyong paglisan.
Humanda kang tumalima't dumating
sa ganyan ding kaanyuhan
sa susunod kong tawag
sa iyong pangalan.

Hintaying maglaho ang Espiritu.

Patunugin ang **kampanilya**.

Manatili o magbalik sa kanlurang panig ng **altar** at humarap sa silangan.

Itala ang lahat-lahat na naganap na pakikipanayam sa Espiritu.

Isilid sa itim na seda ang **Lagda ng Espiritu** at muli itong ipatong sa **Lapida ng Pagbuklod**.

Patunugin ang **kampanilya**.

Bagtasin ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise, at tumigil sa hilagang gilid ng **bilog**.

Bilang pantapos ay bigkasin ang sumusunod:

Sa Inyo,
tanging madunong,
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,

papuri at luwalhati magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming) tumayo
nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan,
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa akin (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiniig sa mga banal.

Isagawa ang **Pagsara sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban**:

1) Bagtasin nang makatlo ang **bilog** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.
2) Pagdaan sa silangang panig ng **bilog** ay isagawa ang **Pagtuloy sa Daan** sa direksiyong pakaliwa, o clockwise.
3) Pakiramdaman ang unti-unting paglaho ng **uli-uli ng lakas** sa loob ng **bilog**.

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Pentagramo**, datapwat ang gagamitin ay ang **Pentakulo** sa halip ng **Punyal**, at ang mga **Pantaboy na Pentagramong** lilikhain ay yaong sa **Elementong Lupa**. (Simulan ang guhit sa paa sa kaliwa ng **Pentagramo** tungo sa tuktok nito.)

Isagawa ang **Maikling Ritwal ng Pagtaboy Sa Pamamagitan ng Hexagramo**.

Bigkasin at kantahin ang sumusunod:

Pinalalaya ko ngayon
ang mga naparam nitong seremonya.
Humayong mapayapa
sa kinauukulang mga larangan,

taglay ang mga biyaya
at ang kabutihang-loob
ni YEHESHUAH YEHOVASHAH.

Magtungo sa **altar**.

Damputin ang **kampanilya** at patunugin nang makatlo. Bigkasin ang sumusunod:

Ang templong ito ay sarado na.

Patunugin ang **kampanilya** bilang hudyat na tapos na ang seremonya.

Katapusang Orasyon
Para Sa Anumang Obra ng Magica Cantada

Sa Inyo,
tanging madunong,
tanging walang katapusan
at tanging maawaing Diyos,
papuri at luwalhati magpakailanman.
Hinintulot N'yo akong (kaming)
tumayo nang buong pagpapakumbaba
sa Inyong harapan,
at pinatuloy N'yo sa silid ng mga misteryo.
Sa Inyo at sa Ngalan N'yo lamang
ang luwalhating walang hanggan.
Ipatong sa ulo ko (namin)
ang Liwanag ng mga Espiritu.
Ituro sa akin (amin)
ang halaga ng pagsuko sa Kabutihan
na aking (aming) yayakapin
sa lahat ng pagsubok,
nang ang aking (aming) pangalan
ay itala sa itaas,
at ako (kami) man
ay makiniig sa mga banal.

Isagawa ang **Pagsara sa Krus na Daan Tungo Sa Apat na Tore ng Sansinukuban.**

Mga Piling Alituntunin

Laging Tandaan:

Ang orasyon ay dapat kantahin nang may paggalang: ito ay awit ng maka-Diyos na bahagi ng iyong Sarili na umuugnay sa iyong kapwa at sa daigdig. Kapag kinanta ang orasyon nang walang paggalang, ang orasyon ay hindi magkakabisa. Kapag kinanta naman ang orasyon bilang libangan, biro, panloloko o laro, ang orasyon ay hindi rin tatalab.

Kapag ang orasyon ay nagkabisa, huwag na huwag mong kaliligtaang magbigay pasasalamat sa Diyos. Siya ang nakapangyayari ng lahat at ikaw ay Kaniyang instrumento lamang. Kung nakapagtitik ka o nakakanta ng matagumpay na orasyon, halimbawa, na nagbigay-proteksiyon laban sa negatibong puwersa, nananggalang sa sakit o masamang kulam, nang-akit ng pag-ibig, ng mabuting suwerte o ng asenso, ang tunay na pinagmulan niyon ay ang Diyos at hindi ikaw sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan na pinalagos Niya sa iyong Sarili.

Kapag hinandugan ka naman ng kapangyarihan, kaalaman, birtud, galing o talino ng mga espiritu o ng mga duwendeng puti, ito ay upang gumising ang maka-Diyos na bahagi ng iyong Sarili. Huwag mo ring kaligtaang suklian ang kabutihang-loob ng mga ito. Ang panunukli ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pa-Misa, padasal, kawanggawa o pagpapairal ng pagmamahal sa kapwa. Tuwing napararaan sa isang kampusanto, agad ipagdasal din ang mga espiritung naroroon, lalo na kung naglalakbay ka sa mga lalawigan, kung saan ang mga kampusanto ay nasa tabing-daan.

Kung sakali naman na ikaw ay lagnatin o magkasakit pagkatapos mong tumitik o kumanta ng orasyon o mahandugan ng mga espiritu o ng mga duwendeng puti, huwag kang labis na mabahala. Ito ay nangangahulugan na isang marupok na bahagi ng iyong pagkatao ay namamatay upang mabigyang-buhay ang isang katangiang makapangyarihan o ang isang pambihirang kakayahan.

Upang panatilihin ang katangian o kakayahan na yaon, tuwing napararaan sa isang katedral, simbahan, kapilya at bisita ay agad magdasal ng papuri sa Diyos. Humigop ka rin doon ng lakas o ng liwanag na siya mong isalin sa iyong katawan. Palaganapin mo ang katahimikan sa isip at sa katawan. Sa pamamagitan ng pagsasaisip, paakyatin mo ang liwanag ng bahaghari mula sa tuktok ng katedral o simbahan tungo sa kalangitan. Isaisip na ang liwanag ng bahaghari ay parang sinag na tulay sa iyong buong katawan.

Datapwat, hindi lahat ng araw ay maliwanag at hindi lahat ng gabi ay iniilawan ng buwan. Makararanas ka ng lungkot at lumbay di lamang

minsan; may mga panahon na sunud-sunod ang tatanggapin mong kamalasan sa buhay.

Kapag inaalat sa buhay, magnilay-nilay. Ang lahat ng pangyayari ay may dahilan. Ang lahat ng bagay ay may kahulugan. Ang lahat ng gawa ay may kabayaran.

Magtanong ka sa sarili:
Mayroon ka bang pagkukulang?
Mayroon ka bang nasaktan?
Mayroon ka bang tungkuling nakaligtaan?
Mayroon ka bang hinangad na hindi mabuti?
Ang pagmamahal mo ba sa sarili ay naging higit sa pagmamahal mo sa Diyos o kaya sa kapwa?
Kung ikaw naman ay nagbabayad, ano kaya ang pinagbabayaran mo?

Sa pamamagitan ng pagninilay-nilay, hindi ka malalayo sa maka-Diyos na bahagi ng iyong Sarili at mauunawaan mo ang lahat ng idinudulot sa iyo ng dilim.

Gaano mang kabigat ang iyong pasan, ugaliin mo ang magpatawad pagkat ang sinumang di marunong magpatawad ay di rin marunong magmahal.

Di ka maaaring humangad ng mga bagay na laban sa ibig ng Diyos. Di ka rin maaaring humangad ng mga bagay para sa ibang tao na wala silang pahintulot; tulad mo, ang iyong kapwa ay may sariling isip, damdamin, katawan at kusa. Di mo maaaring pakialaman ang mga karamdamang bunga ng karma, o kalagayang kusang iniatang ng tao sa sarili—tumitik ka man o kumanta ng libu-libong orasyon ay mananatili siyang gayundin, o kung hindi man ay magtatamo siya ng kahaliling karamdaman o kalagayan. Sa huling banda, ang karapatan mong makialam ay sa mga bagay lamang na tungo sa pangkalahatang kabutihan.

Gayunpaman, manalig lagi sa Diyos. At manalig din sa iyong Sarili dahil sa pinagkaloob Niyang talino at mga kakayahan na bunga ng Kaniyang Dakilang Pagmamahal.

Sa pagtitik mo at pagkanta ng mga orasyon ay lagi kang magmatyag. Batay sa iyong mga karanasan, magtanong ka sa sarili:

May partikular bang araw na napansin mong pinakamainam sa pagtitik at pagkanta ng orasyon?

Pareho ba ang bisa ng mga orasyon mo
para sa lalaki?
para sa babae?
para sa matanda?
para sa bata?
para sa may-asawa?
para sa walang asawa?

May partikular bang mga titik, salita at parirala na napansin mong higit na nakapagbibigay ng lakas sa iyo?

May partikular bang rima?

May partikular bang ritmo?

May partikular bang haba ng taludturan?

Ano ang himig na naririnig mo?

Ano kang klaseng maninitik ng orasyon?

May umahon ka bang iba't ibang mga talino sa pagtitik mo at pagkanta ng mga orasyon?

Ikaw ba ay nakapagpapahatid ng kulam?

Ikaw ba ay nakapagsasagawa ng tawas?

Ikaw ba ay nakapagbibigay-buhay sa anting-anting?

Ikaw ba ay nakatatalakay ng mga panaginip?

Ikaw ba ay nakapagdudulot ng lunas sa mga suliraning pag-ibig?

Ikaw ba ay tagapagtala ng mga pangyayari sa kasalukuyang panahon o isang guro ng Dalawandaang Dantaon ng Aquarius?

Ano kaya ang kabuuan ng higit na malaking larawang kinabibilangan mo?

Unti-unti kang makabubuo ng bista nito sa pamamagitan ng pagninilay-nilay, ng pagsusuri sa sarili at ng synchronicity, o makahulugang pagkakataon.

Kung ang nabunot mong baraha, halimbawa, ay ang pitong bulaklak na itim, ano ang kahulugang ibinibigay ng Sarili sa pagkakataong yaon? Kung dinapuan ka sa balikat ng paruparong dilaw, ano kaya ang pinahahatid nito?

Kung biglang sumakit ang ulo mo?

Kung di ka makatulog?

Kung bigla kang nakarinig ng awit sa iyong kaisipan?

Kung bigla kang tinawagan ng isang tao mula sa malayo mong nakaraan at hindi mo iyon inaasahan?

Kung hinandugan ka ng kopya ng librong ito?

Kung naakit ka ng pabalat nito, binuklat, binili at saka binasa?

Dahil sa synchronicity ay maisasagawa mo—di lamang sa pamamagitan ng pagtitik at pagkanta ng orasyon kundi sa pamamagitan ng pang-araw-araw mong gawain—ang attunement, o ang pagiging katuwang ng Sarili, ng kapwa, ng daigdig.

Iyan ang magiging simula ng maraming himala sa buhay mo.

MALIGAYANG PAGTITIK AT PAGKANTA NG ORASYON
SA INYONG LAHAT!

Aivanhov, Omraam Mikhael, *The Book of Divine Magic*, 2nd ed., Izvor Collection No. 226. Frejus Cedex, France: Prosveta, S.A., 1993.

Bardon, Franz, *Initiation into Hermetics: A Course of Instruction of Magic Theory and Practice*. Western Germany: Dieter Ruggeberg, Wuppertal, 1987.

Bardon, Franz, *The Practice of Magical Evocation: Instructions for Invoking Spirit Beings from the Spheres Surrounding Us*, revised ed. Western Germany: Dieter Ruggeberg, Wuppertal, 1984.

Brennan, J.H., *Magick for Beginners: The Power to Change Your World*. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1998.

Butler, W.E., *The Magician: His Training and Work*. North Hollywood, California: Melvin Powers, Wilshire Book Company, 1969.

Cenon, *The Mystery of the Seven Archangels*. Manila, Philippines: Peter's Mystical Book Center.

Cicero, Chic and Sandra Tabitha, *Secrets of a Golden Dawn Temple: The Alchemy and Crafting of Magickal Implements*, Llewellyn's Golden Dawn Series. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1992.

Constable, George, ed., *Mysteries of the Unknown: Ancient Wisdom and Secret Sects*. Alexandria, Virginia: Time-Life Books, Inc., 1989

Gamache, Henri, *Mystery of the Long-Lost 8th, 9th and 10th Books of Moses together with The Legend That Was of Moses and 44 Secret Keys to Universal Powers*. Plainview, New York: Original Publications, 1993.

DuQuette, Lon Milo and Constance, *Tarot of Ceremonial Magick*. Stanford, Connecticut: U.S. Games Systems, Inc., 1994.

Gonzalez-Wippler, Migene, *The Complete Book of Spells, Ceremonies & Magic*. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1997.

Gonzalez-Wippler, Migene, *The New Revised Sixth and Seventh Books of Moses and The Magical Uses of the Psalms*. Plainview, New York: Original Publications, 1982.

Harris, Eleanor and Philip, *The Crafting & Use of Ritual Tools: Step-by-Step Instructions for Woodcrafting Religious and Magical Implements*. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1998.

James, Geoffrey, trans. and ed., *The Enochian Magick of Dr. John Dee: The Most Powerful System of Magick in Its Original Unexpurgated Form*. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1998.

Kraig, Donald Michael, *Modern Magick: Eleven Lessons in the High Magickal Arts*, 2nd ed. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1998.

Mathers, S. Liddell MacGregor, trans. and ed., *The Key of Solomon The King (Clavicula Salomonis)*. York Beach, Maine: Samuel Weiser, Inc., 1989.

McLean, Adam, *The Alchemical Mandala: A Survey of the Mandala in the Western Esoteric Tradition*, Hermetic Research Series Number 3. Grand Rapids, Michigan: Phanes Press, 1989.

Partner, Peter, *The Murdered Magicians: The Templars and Their Myth*. New York: Barnes & Noble Books, 1987.

Prophet, Elizabeth Clare, *Forbidden Mysteries of Enoch: Fallen Angels and The Origins of Evil*. Corwin Springs, MT: Summit University Press, 1992.

Regardie, Israel, *The Original Account of the Teachings, Rites and Ceremonies of The Hermetic Order of the Golden Dawn*, 6th ed., revised and enlarged, Llewellyn's Golden Dawn Series. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1997.

Sabino, Melencio, *Mga Lihim na Pangalan at Lihim na Karunungan*. Manila, Philippines: Peter's Mystical Book Center.

Tyson, Donald, *How To Make and Use A Magic Mirror: Psychic Windows into New Worlds*. Custer, Washington: Phoenix Publications, Inc., 1995.

Tyson, Donald, *Ritual Magic: What It Is & How To Do It*. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1995.

Tyson, Donald, *Scrying for Beginners: Tapping into the Supersensory Powers of Your Subconscious*. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1997.

Tyson, Donald, *Tetragrammaton: The Secret to Evoking Angelic Powers and The Key to the Apocalypse*, Llewellyn's High Magick Series. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1995.

Aklat ng Panggagamot. Manila, Philippines: Peter's Mystical Book Center.

Hermetic Healing. Manila, Philippines: Peter's Mystical Book Center.

Mahiwagang Testamento ni Moises. Manila, Philippines: Peter's Mystical Book Center.

Misterio Principal: Secreto de Solo Ojo. Manila, Philippines: Peter's Mystical Book Center.

Virgen Encanto de Dios: Viaje Sta. Maria. Manila, Philippines: Peter's Mystical Book Center.

Zalewski, Pat, *Z-5: Secret Teachings of the Golden Dawn (Book I: The Neophyte Ritual, 0=0)*, Llewellyn's Golden Dawn Series. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1991.

Zalewski, Pat and Chris, *The Equinox and Solstice Ceremonies of the Golden Dawn*, Llewellyn's Golden Dawn Series. St. Paul, Minnesota: Llewellyn Publications, 1992.

Ang Awtor

Si TONY PEREZ ay adjunct lecturer ng Department of Communication ng Ateneo de Manila University at ng Department of Communication ng De La Salle University. Siya rin ay adviser ng Spirit Questors, isang organisasyon ng mga volunteers na nagsisiyasat, nakikipag-usap at nagbibigay-tulong sa mga espiritu, at ng anim na pangkat na bumubuo nito: ang The Mages of the Dawn (isang pangkat ng volunteers na nagsasagawa ng high magic, o magica alta), Luna y Sol (isang pangkat ng volunteers na nagsasagawa ng low magic, o magica baja), Zarabanda (isang pangkat ng volunteers na nagsasaliksik sa mga pamamaraan ng black magic, o magica negra, mula sa iba't ibang panig ng daigdig), Skywatch (isang pangkat ng volunteers na nagsasaliksik sa extraterrestrial life at intelligence, UFOs at aliens), Brothers of the Peach Garden (isang workshop unit na nagtuturo ng Dreamwork and Dream Analysis, Shamanism, Development of Psychic Powers, Magic, Divination at Alternative Healing) at The Successor Generation (isang pangkat ng batang volunteers na kinabibilangan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang grade school at high school).

Ang Editor

Si CECILLE LEGAZPI ay editor ng Anvil Publishing, Inc., Office of Research and Publications ng Ateneo de Manila university at iba pa.

FILIPINO TRANSPERSONAL PSYCHOLOGY/
NEW AGE

Ang mga **orasyon** sa librong ito ay panibagong **salin** at **halaw** ng may-akda mula sa mga ritwal at seremonya ng **magica cantada** (isang uri ng magica na isinasagawa ng isang pangkat ng mga mago at ginagamitan ng mga kasangkapan at mga orasyon sa pananawagan at pakikipag-usap sa espiritung mataas ang katungkulan).

Sa pagbabasa mo sa librong ito, mahihinuha mo na ang orasyon ay ang paggamit sa makapangyarihang ngalan, salita or parirala upang patabuyin ang masama o upang palapitin ang mabuti sa isang tao, bagay o lunan.

Mahihinuha mo rin na ang sinumang makasulat ng simpleng kahilingan, ng gaano mang kapayak na tula o ng anumang pahatid sa malikhaing paraan ay makaaakda ng orasyon.

Mahihinuha mo pa na, para sa iyo, ang ilan sa pinakamabisang orasyong iyong gamitin ay yaong mga inakda ng iyong Sarili.

Ito ay sapagkat tayong lahat ay mga anak ng Diyos. Ang bawat isa sa atin ay nilalang Niya sa Kaniyang Kaanyuhan at Kabutihan at pinagkalooban Niya ng kakayahang makibahagi sa Kaniyang maka-Diyos na Karunungan at Kapangyarihan.

ISBN 971-27-0964-7

Mga Panibagong Orasyon sa Magica Cantada